Pinayuhan ang Pangkat ng Proyekto ng VSAP ng mga organisasyon na hindi pangnegosyo, ng mga eksperto sa akademika, ng mga rehistrado at botante na puwede nang bomoto, at mga tagapayo ng pribadong sektor. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pinagsamang grupo ng tagapayo, surveyor, mga nakapokus na grupo, at teknikal na pagsusuri, ang RR/CC ay nagtakda ng modelo, pinangungunahan ang masalimuot na proseso ng pagbuo ng isang bagong sistema ng pagboto na tutugon sa mga kinakailangan ng Estado at lokal, tutugon sa mga pangangailangan ng mga botante, at sinisigurado sa tiwala ng publiko.

1.2.1 Ang Bagong Karansan sa Pagboto sa Los Angeles County

Isinasangkot na ng Los Angeles County ang publiko simula pa noong nagsimula ang proyekto, pasimula sa proseso ng disenyo na nakasentro

sa tao na magpapangyari makapagbigay ng opinyon ang mga botanteng may ibat-ibang pinagmulan at pangangailangan na gagamitin para maipaalam ang espesipikong disenyong mga elemento ng bagong Mga Device na Pangmarka ng Balota (Ballot Marking Devices). Nagpapatuloy ang pakikisangkot ng publiko sa buong proyekto para tulungang matukoy ang potensyal na mga lokasyon ng vote center at makakadagdag sa pagbuo ng isang kapana-panabik na bagong karanasan sa pagboto.

Device na Pangmarka ng Balota (Ballot Marking Device)

Ang Device na Pangmarka ng Balota (BMD) ay isang bagong ginawang paraan ng pagkalap ng mga boto na papalit sa InkaVote system. Kasama sa Device ang modernong adjustable na touchscreen display para makapagbigay g isang madaling gamiting balotang papel. Maaaring basahin at pakinggan ang mga balota sa 13 wika, nakapagbibigay ang mga built-in headphone ng magagamit at personal na karanasan sa pagboto para sa lahat. Mga madaling gamiting feature na magbibigay ng independenteng karanasan sa pagboto. Kabilang dito ang kakayahang baguhin ang laki, kulay, at contrast ng font at maipaling ang screen, at isang integrated na kahon ng balota na pumuprotekta sa pagkapribado ng botante. Ang BMD ay isang Device na hindi nakakonekta sa internet o sa iba pang network. Pagkatapos maipasok ang mga napiling iboboto, magpi-print ang BMD ng balotang papel na puwedeng maberipika ng botante bago ito isumite. Secure ma naka-store ang balotang papel sa isang Integrated Ballot Box sa loob ng device. Sa paggamit nito, hindi na kailangan ang karagdagang hakbang sa proseso ng paghulog ng balotang papel sa isang central box ng balota na hiwalay sa BMD.

Interactive na Sampol ng Balota

May opsyon ang mga botante na i-view at markahan ang kanilang sampol ng balota sa isang mobile device o sa computer—kahit saan at kailan. Gumagawa ang Interactive na Sampol ng Balota (ISB) ng isang Poll Pass kapag tapos na ang pagpili. Puwedeng i-print ang Poll Pass o i-save sa isang mobile device para mapabilis ang proseso ng pagboto sa mismong site sa isang vote center. May feature ang BMD na built-in QR coder reader, na magagamit ng botante para i-scan ang Poll Pass at ma-import ang mga pagpili ng balota. Pagkatapos nito mabeberipika o

mababago na ng botante ang kanilang mga pagpili bago isumite ang balota.

Mga Electronic Pollbook

Dahil sa Electronic Pollbook makakaboto na ang mga botante saanmang lokasyon ng vote center sa Los Angeles County. Pinapalitan ng Electronic Pollbook ang nakaimprentang listahan ng mga botante na ginagamit ng kawani ng vote center para beripikahin ang pagiging karapat-dapat ng rehistrasyon ng botante sa real time. Makikita sa Electronic Pollbook kung ang botante ay nakabuto na sa ibang panig ng County para mapigilan itong bomoto sa iba't ibang lokasyon. Pagaganahin ng device na ito ang tinatawag na conditional voter registration para makapagparehistro ang botante para makaboto at makapag-cast ng balota sa araw ding iyon.

Pinahusay na Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Liham

Ang bagong disenyo at full-face na balota na inilunsad noong Nobyembre 2018 ay may malaking font at may mas malinaw na instruksyon para mas madaling gamitin at para madaling ma-access ang proseso ng Vote by Mail (VBM). Maipapadala ng mga botante ng Los Angeles County sa pamamagitan ng koreo sa balota ng VBM nang hindi na kailangan ng selyo. Puwede ring ihulog ng mga botante ang kanilang balota kahit saang VBM ballot drop box sa mga kumbinyenteng lokasyon sa buong County na magiging available 29 na araw bago ang araw ng eleksyon. Tatanggapin din ang mga balota ng VBM saanmang lokasyon ng vote center sa panahon ng botohan.

Pinalawig na Habang Panahon ng Pagboto

Magiging available ang mga vote center nang karagdagang 10 araw bago ang Araw ng Eleksyon, kaya magagawang makaboto ng mga botante sa dalawang dulong sanlinggo sa kahit saang lokasyon ng vote center sa LA County. Bubuksan ang mga vote center nang hindi bababa sa 8 oras kada isang araw. Mayroon pang karagdagang mga pagkakataon para sa mobile at pop-up na mga vote center kung kinakailangan para mabigyang-daan ang mga botante sa loob ng pinalawig na habang panahon ng pagboto.



Mga Lokasyon ng Vote Center

Papalitan ng mga vote center ang mga lugar ng botohan para hindi na kailangang i-assign sa isang itinalagang lugar ng botohan na malapit sa kanilang mga tahanan. Dahil sa vote center modelo mas flexible at nabibigyang-daan ang mga botante na makaboto sa lugar kung saan sila nakatira, nagtatrabaho, nag-aaral, namimili, o naglalaro nang hanggang 10 araw ang kaagahan bago ang eleksyon. Kumbinyenteng matatagpuan ang mga vote center sa iba't ibang uri ng mga pasilidad, tulad ng mga shopping center, mga employment center, mga paaralan, mga community arts and cultural center, mga pasilidad na panlibangan, mga pampublikong gusali, at mga lugar ng pagsamba.

1.3 MGA KINAKAILANGAN PARA SA MGA VOTE CENTER

Isang malawakan at makabagong pagsisikap na magkakaroon ng epekto sa antas at kalidad ng pangsibikong pakikibahagi sa buong Estado ang ngangailangan ng mga tagubilin na magtatatag ng pamantayan sa kalidad para matiyak na maihahatid ang hinahangad na karanasan ng botante. Pabibilisin ng mga kinakailangan ng VCA ang naka-streamline na karanasan sa pang-Estadong antas at isang naka-personalize na karanasan sa pangrehiyong antas. Para matamo ito, nag-develop ng espesipikong mga kinakailangan ang Voter's Choice Act para sa mga hurisdiksyon na nakabatay sa kapal ng populasyon. Ikakapit ang mga sumusunod sa Los Angeles County.

1.3.1 Mga Kinakailangan ng Voter's Choice Act ng LA County

VOTE BY MAIL (PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG LIHAM)

Kinikalala ng VCA na ang mga balota ng VBM at mga lokasyon na pinaghuhulugan ay mahalaga para mas madali itong ma-access ng mga botante, lalo na ng mga nakatira sa mga rural area, na madalas naglalakbay, at ng mga nagtatrabaho sa ibang county. Itinataas ng VCA ang karanasan sa Vote by Mail sa pamamagitan ng paghingi na:

- Lahat ng rehistradong botante ay makatanggap ng balota ng Vote by Mail (VBM) sa taong 2024. Pansamantala, ang mga botanteng nakatira sa isang presinto na may layong mahigit 30 minutong biyahe mula sa isang vote center o ang dating lugar ng botohan ay 15 milya mula sa vote center ay padadalhan ng balota ng VBM.
- Padadalhan ng balota ng Vote by Mail ang Lahat ng botanteng nakatira sa legislative at congressional district na makikita ang bahagi nito sa loob ng County ng LA at makikita din sa loob ng ibang county na nagsasagawa rin ng eleksyon.
- Ang mga lokasyon paghuhulugan ng balota ay binubuo ng isang secure, madaling ma-access, nakakandadong kahon ng balota na malapit hangga't posible sa isang nakatatag na mga ruta ng pampublikong transportasyon.
- Minimum na dalawang lokasyon ng paghuhulugan ng balota kada hurisdiksyon; o
- Minimum na isang lokasyon ng paghuhulugan ng balota para sa bawat 15,000 permanenteng rehistradong mga botante ng VBM kada hurisdiksyon.
- Mananatiling bukas ang mga lokasyon ng paghuhulugan ng balota sa panahon ng regular na mga oras ng negosyo pasimula sa hindi bababa sa 28 oras bago ang mismong araw ng eleksyon.
- May hindi bababa sa isang lokasyon ng paghuhulugan ng balota kada hurisdiksyon ang magiging accessible, naka-secure, at exterior drop box na available nang hindi bababa sa 12 oras kada isang araw, kasama na ang regular na mga oras ng negosyo.

PAGPUNTA SA MGA VOTE CENTER

Lumikha ng pangangailangan ng mga lokasyon sa pagboto ang heograpikal na pagkakasari-sari, kapal ng populasyon, at mga bumabyahe araw-araw na mga taga-Angeles kaysa sa ibang county ng California. Sinusulopyunan ng VCA ang ganitong pagdami ng pangangailangan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga kinakailangan

na nakabatay sa populasyon. Kasama sa mga kinakailangan na ilalapat sa Los Angeles County ang:

- Ang lokasyon ng mga vote center ay dapat na nasa loob ng makatwirang haba ng panahon ng pagbabahe ng mga rehistradong botante.
- Hindi bababa sa isang vote center ang ilalagay para sa bawat lungsod na may hindi bababa sa 1,000 rehistradong botante.
- Hindi bababa sa isang vote center ang ilalagay para sa bawat 7,500 rehistradong botante sa araw ng eleksyon at tatlong araw bago nito.
- Hindi bababa sa isang vote center ang ilalagay para sa bawat 30,000 rehistradong botante pasimula sampung araw bago ang eleksyon.

Magbibigay ang VCA ng patnubay para matiyak na pantay ang distribusyon ng mga vote center sa buong County at mayroong mga kagamitan na makukuha ng mga indibidwal na may kapansanan. Kabilang sa minimum na kinakailangan para maisaalang-alang kapag inaalam kung saan maglalagay ng vote center ang:

- Malapit sa pampublikong transportasyon
- Malapit sa mga sentro ng populasyon
- Malapit sa mga mamamayan na may mababang kita
- Pagiging madaling marating at may libreng paradahan
- Ang distansya at panahon na kailangang lakbayin ng botante sa pamamagitan ng kotse o pampublikong sasakyan

1.3.2 Mga Operasyonal na Kinakailangan ng Los Angeles County

Bilang karagdagan sa mga kinakailangan ng Estado, nagtatag ang Los Angeles ng karagdagang batayan para sa vote center na may kaugnayan sa laki ng pasilidad, pangangailangan sa kuryente, koneksyon sa network, ADA accessibility, pagiging madaling makuha ng wika, at pagsasama ng mga nakabukod na komunidad. Ilalapat ang mga

batayang ito ng PlaceWorks para gawing preyoridad ang potensyal na lokasyon ng vote center at matukoy ang mga pasilidad na hindi nakakaabot sa mga kinakailangan. Inilalarawan ng susunod na seksyon ng report na ito kung paano ipapatupad ang mga kinakailangang ito na pang-operasyonal at pang-Estado kapag pumipili ng mga lokasyon ng vote center.



2.0 PROYEKTONG PAGLALAGAY NG VOTE CENTER

Babaguhin ng Los Angeles County ang karanasan ng botante dahil papalitan ang mga lugar ng botohan ng naiiakma, maraming pagpipilian na mga vote center pasimula sa 2020 Presidential Primary Election. Paara matamo ang tunguhing ito, nakipagpartner ang Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk (RR/CC) sa PlaceWorks para magsagawa ng espesipiko sa lokasyon na pag-analisa, pagsusuri ng site, at pakikisangkot ng komunidad. Aakay ang pagtutulungang ito sa pagsisikap sa pagpili ng angkop na mga lokasyon ng vote center para matugunan ang mga kinakailangan ng lokal at Estado habang tinutugunan ang mga sari-saring pangangailangan ng botante.

2.1 MGA KATANGIAN NG VOTE CENTER NG LOS ANGELES COUNTY


Sa kabila pa ng mga kinakailangan at pagsasaalang-alang ng VCA, nagtatag ang Los Angeles County ng mga karagdagang mga kinakailangan at pamantayan na magpapataas sa kalidad ng mga vote center sa pamamagitan ng paglikha ng karanasan na pasadya para sa mga botante ng Los Angeles County.

Sinisikap ng Los Angeles County na pasiglahin ang pansibikong pakikibahagi ng mga taong may limitadong kakayahan sa pisikal o kakayahan sa pag-iisip at kinikilalang dapat na natutugunan ng mga pasilidad ng vote center ang pangangailangan ng ganitong mga botante. Para maabot ang tunguhing ito, ginamit ng RR/CC ang mga sumusunod na kinakailangan ng American Disabilities Act (ADA) para malaman ang angkop na mga pasilidad:

- Madaling marating ng ADA mula sa kalye/pampublikong bus o paradahan patungo sa harapang pintuan
- Itinakdang paradahan sa site ng ADA
- 32 pulgadang lapad na mga pintuan

- Walang mga harang sa loob na makakasagabal sa pag-access ng wheelchair

Figure 1. Sampol na Plano ng Malaking Vote Center



SUKAT NG PASILIDAD AT KAYARIAN

Iba-iba ang laki at uri ng pasilidad na pinakaangkop na makakatugon sa mga pangangailangan ng botante depende sa heograpikong rehiyon at dami ng populasyon, pero lahat ng iyon ay may magkakaparehong katangian. Lahat ng vote center ay binubuo ng anim na magkakaibang lugar.

- Linya ng Botohan/Lugar ng Pilahan
- Lugar ng Check-in
- Lugar ng Ballot Marking Device
- Lugar para sa Vote by Mail

Batay sa pangangailangan ng populasyon at pagiging available ng pasilidad sa bawat heograpikong rehiyon, puwedeng ituring ang mga

vote center na maliit, katamtaman, o malaki, na siyang tumutukoy sa kapasidad para sa Mga Aparatong Pangmarka ng Balota (BMDs) at Mga Electronic Pollbook at kaugnay na mga pangangailangan sa espasyo sa mismong pasilidad ng vote center. Ipinapakita ng Table 1 ang laki ng mga parameter na ginagamit ng mga mananaliksik ng proyekto para matiyak kung sapat ang laki ng pasilidad para makapaglaman ng bomobotong mamamayan ng isang hurisdiksyon. Ipinapakita ng Figure 1 ang sampol na plano ng isang malaking vote center. Tingnan ang Appendix A para sa kumpletong pamamaraan sa laki ng silid.

Table 1. Mga Sukat ng Pasukan ng Vote Center

Sukat ng Vote Center	Kinakailangan na Square Footage	Suportado ng BMDs
Maliit	<1,999	<10
Maliit/Katamtaman	2,000-2,449	10
Katamtaman	2,450-3,849	30
Malaki	>3,850	50

Gagamitin ng RR/CC ang mga kinakailangan at pagsasaalang-alang ng pang-Estado at operasyonal na ito para makapagsagawa ng kumplikadong pagsusuri ng data na aakay sa nasusukat na mga metric na kung saan ang mga pasilidad ay masusuri at mapipili bilang potensyal na mga vote center.

2.2 PAGSUSURI NG PANGANGAILANGAN

Nangangailangan ng matatag at ng prosesong ginagabayan ng data ang pagtiyak ng pinakaangkop na mga lokasyon ng vote center na isinasama sa pang-Estado at panlokal na mga kinakailangan na may lokal na lawak at socioeconomic na mga kalagayan habang patiunang pinag-iisipan ang mga gawi at nakasanayan ng tao. Nakasentro ang Proyektong Paglalagay ng Vote Center (VCP) sa pagsusuri ng pangangailangan sa espasyo para matiyak na pantay ang distribusyon ng mga lokasyon ng vote center at pinaguhulugan ng Vote by Mail sa buong County.

2.2.1 Mga Lugar na Pinag-aaralan at Pinagtutuunan ng pansin

Kabilang sa Los Angeles County ang 88 lungsod at mahigit 2,600 milya kuwadrang lugar na hindi pa naisasama. Karamihan ng 10 milyong residente ng County ay nakatira sa mga lungsod na ito at mga 1 milyong residente ang nakatira sa mga lugar na hindi pa naisasama. Para matiyak na nakakatanggap ang mga kumunidad sa buong County ng pantay-pantay na representasyon sa paglalagay ng mga vote center at para masuri ang mga kalagayan sa mas detalyadong antas, na kalaunan ay pagbubukod-bukurin sa mga lugar na pangrehiyong pagtutuunan ng pansin. Lahat ng teknikal na pagsusuri ay ginawa sa antas ng lugar na pinag-aaralan; ginamit lamang ang mga lugar na binibigyang pansin para tiyaking pantay ang distribusyon ng mga pagpupulong ng komunidad.

Binuo ang heograpikong hangganang ito gamit ang prosesong batay sa GIS na itinuturing na kasalukuyang panghurisdiksyong mga hangganan tulad ng pangsuperbisor na mga distrito, mga border ng lungsod, at mga lugar sa pagpapalano sa county at dami ng populasyon at distribusyon. May kabuuang 189 na lugar na pinag-aaralan na orihinal na tinukoy, pero may isang hindi pa naisasamang komunidad ang kalaunan ay inalis dahil sa isinasama ito sa Lungsod ng Santa Clarita, kaya ang pinal na kabuuan ng mga lugar na pinag-aaralan ay 188. Makikita sa Figure 3 ang hangganan ng lugar na pinag-aaralan.



Pamamaraan

Nagsisimula ang proseso ng pagtiyak ng mga lugar na pinag-aaralan sa pamamagitan ng pagtatalaga ng bawat isinamang lungsod tungo sa iisang lugar na pinag-aaralan. Hinati sa isa o higit pang lugar na pinag-aaralan ang mga lungsod na may populasyong mahagit 150,000 para makagawa ng mas pantay na distribusyon ng populasyon sa mga lugar na pinag-aaralan. Bawat isa sa mas malalaking lungsod ay nilagyan ng mga lugar na pinag-aaralan batay sa kanilang kabuuang populasyon:

- City of Los Angeles: 43 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Long Beach: 5 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Glendale: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Santa Clarita: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Lancaster: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Palmdale: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Pomona: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Torrance: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan
- City of Pasadena: 2 Mga Lugar na Pinag-aaralan

Itinatag ang mga lugar na pinag-aaralan para sa mga komunidad sa County na hindi pa naisasama batay sa dami ng populasyon at heograpikong lokasyon. Binigyang pansin ang bawat lugar na hindi pa naisasama tulad ng mga sumusunod:

- Idinagdag ang mga nakabukod na komunidad na may maliit na populasyon sa lugar na pinag-aaralan ng pinamalapit na lungsod.
- Ang naiiba at/o mga nakabukod na komunidad na may mas malalaking populasyon bawat isa ay naging indibidwal na lugar na pinag-aaralan. Alinman sa mga komunidad na ito na may mahigit 150,000 katao ay hinati sa dalawang lugar na pinag-aaralan, tulad ng mas malalaking lungsod.
- Ang heograpikal na kalapit na mga komunidad at may maliliit na populasyon ay grinupo ayon sa pangalan ng komunidad at heograpiya, distribusyon ng populasyon, at istatistikal na mga lugar.
- Binigyan ng natatanging numero ng pagkakakilanlan ang bawat lugar na pinag-aaralan, inilarawan sa Table 2.

Figure 2. Pamamaraan sa Lugar na Pinag-aaralan






Figure 3. Lugar na Pinag-aaralan sa Buong County, Hilaga




Figure 4. Lugar na Pinag-aaralan sa Buong County, Timog






Table 2. Susi sa Mapa ng Lugar na Pinag-aaralan

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
1	City of Hidden Hills
2	City of Rolling Hills
3	City of Vernon / Uninc. Vernon
4	Unincorporated Covina - San Dimas
5	Unincorporated Covina Islands
6	Unincorporated Leona Valley-Lake Hughes
7	City of Bradbury / Uninc. Bradbury
8	City of San Marino
9	Unincorporated Acton/ Uninc. South Antelope Valley
10	Unincorporated Agua Dulce - Angeles National Forest- Canyon Country
11	Unincorporated Charter Oak Islands
12	Unincorporated Compton
13	Unincorporated Del Aire
14	Unincorporated La Crescenta - Montrose
15	Unincorporated Lennox
16	Unincorporated Malibu
17	Unincorporated Northeast Antelope Valley
18	Unincorporated Northwest Antelope Valley
19	Unincorporated Quartz Hill -Lancaster
20	Unincorporated San Jose Hills
21	Unincorporated Walnut Park
22	Unincorporated West Athens-Westmont
23	Unincorporated West Carson
24	Unincorporated West Rancho Dominguez
25	City of Industry
26	City of LA - Bel Air - Beverly Crest/ Uninc. Hollywood Hills

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
27	City of La Puente
28	City of Temple City
29	Unincorporated Angeles National Forest
30	Unincorporated East Los Angeles - Southeast
31	Unincorporated East Rancho Dominguez
32	Unincorporated East San Gabriel - Arcadia
33	Unincorporated Monrovia
34	Unincorporated Hawthorne - Alondra Park
35	Unincorporated Lake Los Angeles - Pearlblossom - Liano - Valyermo
36	Unincorporated Littlerock
37	Unincorporated San Pasqual - East Pasadena
38	Unincorporated Santa Monica Mountains - Triunfo Canyon
39	Unincorporated Valinda
40	City of Artesia
41	City of Hawaiian Gardens
42	City of La Habra Heights
43	City of LA - Harbor Gateway
44	City of LA - Van Nuys - North Sherman Oaks
45	City of LA - Westwood / Unincorporated Sawtelle VA Center
46	City of Palos Verdes Estates
47	Unincorporated Altadena
48	Unincorporated Ladera Heights / View Park - Windsor Hills
49	Unincorporated Stevenson - Newhall Ranch
50	Unincorporated Bassett - West Puente Valley
51	Unincorporated Pellissier Village - Avocado Heights
52	Unincorporated Sunrise Village - South San Gabriel - Whittier Narrows
53	City of Avalon - Channel Islands North

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
54	City of Baldwin Park
55	City of Commerce
56	City of Cudahy
57	City of Irwindale
58	City of LA - Canoga Park - Winnetka
59	City of LA - Central City North
60	City of LA - Northridge
61	City of LA - Valley Glen - North Sherman Oaks
62	City of Lomita
63	Unincorporated Marina del Rey
64	Unincorporated Topanga Canyon - Topanga
65	Unincorporated West Whittier - Los Nietos
66	City of La Canada Flintridge
67	City of LA - Westchester - Playa del Rey - Los Angeles International Airport
68	City of LA - Wilshire - Koreatown
69	City of Lancaster - Eastside
70	Unincorporated East Los Angeles - Northwest
71	City of Bell
72	City of Huntington Park
73	City of LA - Granada Hills - Knollwood
74	City of Lawndale
75	City of Malibu
76	City of Maywood
77	City of Monrovia
78	City of South El Monte/ Uninc. El Monte - Whittier Narrows
79	City of Westlake Village
80	Unincorporated Florence-Firestone
81	City of Agoura Hills

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
82	City of Alhambra
83	City of LA - Baldwin Hills - Leimert - Hyde Park
84	City of LA - Sherman Oaks - Studio City - Toluca Lake - Cahuenga Pass / Uninc. Universal City
85	City of LA - West Los Angeles
86	City of Rolling Hills Estates / Unincorporated Westfield
87	City of San Fernando
88	City of South Gate
89	City of South Pasadena
90	City of West Hollywood
91	Unincorporated Castaic
92	Unincorporated Rowland Heights
93	City of Covina
94	City of LA - North Hollywood - Valley Village
95	City of LA - Reseda - West Van Nuys
96	City of LA - Sylmar
97	City of Long Beach Central
98	City of Rosemead
99	Unincorporated - Hacienda Heights - Whittier
100	City of Bellflower
101	City of Calabasas
102	City of Gardena
103	City of LA - Hollywood - North
104	City of LA - Hollywood - South
105	City of LA - Palms - Mar Vista - Del Rey
106	City of LA - Venice
107	City of LA - West Adams
108	City of LA - Wilshire - West
109	City of Lynwood - Uninc. Lynwood



ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
110	City of Pico Rivera
111	City of San Gabriel
112	City of Sierra Madre
113	Unincorporated Willowbrook
114	City of Bell Gardens
115	City of El Monte
116	City of Inglewood
117	City of LA - Arleta - Pacoima
118	City of LA - Central City
119	City of LA - South Los Angeles
120	City of LA - Sun Valley - La Tuna Canyon
121	City of LA - Wilmington - Harbor City / City of LA Port of Los Angeles
122	City of Lancaster - Westside
123	City of Long Beach North
124	City of Palmdale - Eastside / Uninc. South Antelope Valley
125	City of Palmdale - Westside
126	City of Santa Fe Springs
127	Unincorporated Azusa
128	City of Hermosa Beach
129	City of LA - Brentwood - Pacific Palisades
130	City of LA - Mission Hills - Panorama City - North Hills
131	City of Montebello
132	City of Pasadena - Eastside / Uninc. Kinneloa Mesa
133	City of Walnut
134	Unincorporated South Whittier - East La Mirada
135	City of LA - Boyle Heights
136	City of LA - Encino - Tarzana
137	City of La Mirada

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
138	City of LA - Silver Lake - Echo Park - Elysian Valley
139	City of LA - Sunland - Tujunga - Lake View Terrace - Shadow Hills
140	City of Paramount
141	City of Signal Hill
142	City of Compton
143	City of Duarte
144	City of Glendora / Unincorporated Glendora
145	City of Hawthorne
146	City of LA - West Hills - Woodland Hills \ Uninc. Canoga Park - West Hills
147	City of LA - Westlake
148	City of Monterey Park
149	City of Norwalk
150	City of Pomona - Southside
151	Santa Clarita - South
152	City of LA - Chatsworth - Porter Ranch / Uninc. Northridge - Canoga Park - Oat Mtn.
153	City of Lakewood / Unincorporated Lakewood
154	City of Long Beach West
155	City of Pomona - Northside
156	City of San Dimas / Unincorporated San Dimas
157	City of Diamond Bar
158	City of El Segundo
159	City of La Verne / Unincorporated La Verne - Claremont
160	City of West Covina
161	City of Carson
162	City of Downey
163	City of LA - Southeast Los Angeles
164	City of LA - Exposition Park - University Park - Vermont Square

ID #	PANGALAN NG LUGAR NA PINAG-AARALAN
165	City of Long Beach East / Unincorporated Long Beach
166	City of Arcadia
167	City of Beverly Hills
168	City of Glendale - Southside
169	City of LA - Southeast Los Angeles - North
170	City of Rancho Palos Verdes
171	City of Claremont / Unincorporated Claremont
172	City of Culver City
173	City of Pasadena - Westside
174	City of Torrance - North
175	City of Azusa
176	City of Burbank
177	City of LA - Northeast Los Angeles - South
178	City of Manhattan Beach
179	Santa Clarita - North
180	City of Glendale - Northside
181	City of Torrance - South
182	City of Santa Monica
183	City of LA - Northeast Los Angeles - North
184	City of Cerritos \ Unincorporated Cerritos
185	City of LA - San Pedro - LA Port of Los Angeles - Uninc. La Rambla
186	City of Redondo Beach
187	City of Whittier
188	City of Long Beach South



2.2.2 Mga Layer ng Data

Pagkatapos ng pagtatatag ng mga lugar na pinag-aaralan, inilapat ang mahahalagang layer ng data para matiyak kung saan dapat ilagay ang mga vote center para sa 2020 eleksyon na sinusunod ang mga tagubilin na nasa VCA at mga karagdagang kinakailangan na itinatag ng kawani ng eleksyon sa County. Dahilan sa masinsinang mga layer ng data na kailangan kapwa sa pang-Estado at panlokal na antas, napakahalagang pinakatumpak at pinakabagong available na ang data ang ginamit sa bawat pagsusuri. Kinakalap ang data sa pamamagitan ng ibinibigay ng VSAP Technical Advisory Committee at Advisory Committee, na nagbibigay ng magagamit na mga kasalukuyang dataset.

Bawat layer ng data ay nangangailangan ng iba't ibang pinagmumulan ng data at naiibang pamamaraan ng pagsusuri. Nakatulong ang pagsusuring ito sa mga mananaliksik na masiyasat ang mga kaugnayan ng mga salik sa pagitan ng mga socioeconomic, tirahan/trabaho, botante, at transportasyon. Ang tunguhin ng pagsisiyasat ng napiling layer ng data ay para tukuyin ang pagiging presente at heograpikong distribusyon ng mga kalagayang binalangkas sa VCA at mga kinakailangan ng lokal. Ipinakita sa Table 3 at 4 ang mga pagsasaalang-alang ng data. Isang detalyadong paglalarawan ng pamamaraan ang makikita sa Appendix B.

Table 3. Kailangan ng VCA ng mga Layer ng Data

Minimum na Kinakailangang Vote Center at Pagsasaalang-alang ng Paglalagayan ng Paghuhulugan ng Balota sa Ilalim ng VCA

- Malapit sa pampublikong transportasyon
- Distansya at panahon para marating ang VC/kahong paghuhulugan ng balota kapag nasa kotse/pampublikong bus
- Mga pattern ng trapiko malapit sa VC at kahon ng paghuhulugan ng Balota
- Malapit sa mga sentro ng populasyon
- Malapit sa mga populasyong nakabukod dahil sa heograpiya

- Malapit sa mga komunidad na mababa ang kita
- Malapit sa mga botanteng may kapansanan
- Malapit sa mga komunidad na minorya ang wika
- Malapit sa mga komunidad na kaunti ang nagmamay-ari ng sasakyan
- Malapit sa mga botante na puwede nang bomoto na hindi rehistrado
- Malapit sa mga komunidad na may kasaysayan na kaunti ang bomoboto gamit ang koreo

Table 4. Karagdagang mga Isinasaalang-alang na Data ng Los Angeles County

Karagdagang mga Isinasaalang-alang na Data

- Malapit sa mga sentro ng hanapbuhay
- Malapit sa mga lugar na may maraming botante
- Malapit sa aktibidad ng consumer
- Malapit sa aktibidad ng nagpapasakay ng iba sa sasakyan
- Malapit sa mga populasyon ng kabataan (edad 18 hanggang 24)
- Malapit sa lugar na ang layo ng mga kapit-bahay ay kayang lakarin
- Malapit sa libre/nakadiskwento at madaling marating na paradahan
- Malapit sa nalalamang mga sagabal (mga lugar na laging may nangyayaring banggaan ng pisikal, bisikleta, sa bangketa)
- Aktibidad sa lugar ng pinagmulan/destinasyon

Ipinapaliwanag ng sumusunod na seksyon ang pamamaraang ginamit sa bawat layer na ginamit sa pagtiyak ng kung saan dapat ilagay ang mga vote center. Kapag pinagsama, ang mga layer ang mananagot sa mga kalagayan at hadlang na iimpluwensya sa igagawi ng botante sa lahat ng iba't ibang komunidad ng Los Angeles County.

BATAYANG SOCIOECONOMIC

Mga Nakabukod na Komunidad dahil sa Heograpiya

Para tiyaking may pantay na oportunidad ang lahat ng botante na makaboto, maingat na isinaalang-alang ang pagiging malapit ng mga vote center sa mga populasyong nakabukod dahil sa heograpiya. Ginawan ng mapa sa County ang kapal (density) ng lahat ng botante na puwede nang bomoto sa mga nakabukod na komunidad, kasama na ang botante na puwede nang bomoto na hindi rehistrado. Inilarawan at ginamit sa pagsusuri ng pangangailangan ang mga lugar na urban at distansya nito mula sa mga nakabukod na komunidad hanggang sa mas maraming populasyong bahagi ng County para matiyak ang pagiging madaling marating nito. Ginamit ang street-segment data mula sa RR/CC kasabay ng mga populasyon ng botante na puwede nang bomoto para matukoy at mabigyang-pansin ang mga nakabukod na komunidad.

Ang mga nakabukod na komunidad ay binigyang-kahulugan bilang mga street segment na nakakatugon sa mga sumusunod na kinakailangan:

- Naglalaman ng 1 o higit pang mga botante na puwede nang bomoto
- Mas malayo nang 2 milya mula sa alinmang highway
- Mas malayo nang 2 milya mula sa “lugar na urban” tulad ng binigyang-kahulugan sa 2010 Census

Ginamit ang 0.5 na milyang hadlang sa palibot ng mga street segment na nakatugon sa batayang ito, sa gayun ay lumikha ng ilang natatanging mga lugar. Kinalkula ang kabuuang dami ng distribusyon ng mga botanteng puwede nang bomoto at dami ng botante para sa bawat isa sa mga lugar na ito. Grinupo ang distansya mula sa mga nakabukod na pamayanan bilang 0.25 hanggang 1 milya, 1 hanggang 5 milya, 5 hanggang 10 milya, at sa mahigit 10 milya. Ginamit ang mga distansyang ito na magbibigay ng impormasyon para sa espesyal na pagsasaalang-alang at para matiyak na mararating ito ng mga botanteng nakakaranas ng mga hadlang sa pagboto dahil sa sa heograpiya.

Mga Komunidad na May Mababang Kita

Seryoso ang RR/CC sa pagtugon sa mga pangangailangan ng sari-saring mamamayan sa buong Los Angeles County, lalo na ang mga mamamayan na hindi gaanong nabibigyang-pansin sa demokratikong proseso. Mahalaga ang pagkakamit ng kaunawaan sa mga mamamayang ito kapag tinitiyak ang paglalagyan ng pinakamadaling marating na mga vote center.

Para matiyak kung saan ilalagay ang mga vote center para mas madaling marating ng mga mamamayan na may mababang kita, nirepaso ang mga sangkapat ng isang milyang hangganan at giniwan ng mapa para matukoy kung ilang porsyento ng mamamayan ng County ang kabilang sa mga pamilyang may mababang kita. Ayon sa Department of Housing and Urban Development (HUD), ang *mga pamilyang may mababang kita* ay binigyang-kahulugan bilang mga pamilya na ang kita ay hindi lalampas sa 80 porsyento ng kita ng pamilya na nasa gitna lebel. Ito ay \$64,300 para sa Los Angeles County. Ang kabuuang data ng mamamayang may mababang kita na inilaan ng HUD at ang kabuuang data ng mamamayan sa Sensus ay ginamit para kalkulahin ang porsyento ng populasyon na nasa kategoriyang mababa ang kita para sa bawat sangkapat ng isang milyang hangganan. Ang pagkaalam kung saan nakatira ang mga pamilyang may mababang kita ang makapagsasabi sa mga mananaliksik kung saan hahanap ng potensyal na mga vote center na malapit sa mga sambahayang ito.

Mga komunidad na Nagsasalita ng Minorya ang Wika

Para matiyak na ang bagong karanasan sa pagboto ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng sari-saring botante ng County, kabilang dito ang botanteng nagmula sa mahigit 180 bansa. Patuloy na magbibigay ang RR/CC ng tulong sa wika sa 12 wika sa ilalim ng modelo ng vote center. Ang mga mamamayan na binigyan ng kategorya bilang mga minoryang wika ay isinamapa para itampok bilang mga komunidad na may mas mataas na proporsyon ng hindi bihasa sa pagsasalita ng wikang Ingles. Ang klasipikasyon at depinisyon ng US census ang ginamit sa pagsusuring ito at binibigyang-kahulugan ang *mga komunidad na nagsasalita ng minoryang wika* bilang nagsasalita ng ibang wika at nagsasalita ng Ingles pero “hindi mahusay.” Data ng sensus na nagpapakita ng populasyon na nasa edad 5 pataas na



nagsasalita ng ibang wika at ng Ingles pero hindi bihasa ang ginamit para kalkulahin ang porsyento at density kada ektarya ng mga komunidad na nagsasalita ng minorityang wika.

Mga komunidad na Kaunti ang Nagmamay-ari ng Sasakyan

Mahalaga ang kaunawaan sa mga hadlang sa pagparoo't parito at pagsuporta sa alternatibong paraan ng transportasyon kapag nagpaplano ng madaling marating na mga vote center. Sinuri ang pagiging malapit sa mga komunidad na kaunti ang nagmamay-ari ng sasakyan para matukoy ang potensyal na sagabal na puwedeng magpahirap sa pagpunta sa mga vote center. Pinag-aralan ng pagsusuri sa pangangailangan ang porsyento ng mga okupadong yunit ng pabahay sa mismong sangkapat ng isang milyang hangganan sa loob ng County na walang gamit na sasakyan. Itinatampok nito ang mga komunidad na may mataas na proporsyon ng mga taong walang sasakyan. Ang data ng sensus na nagpapakita ng ganitong porsyento ang ginamit para kalkulahin ang porsyento at kapal kada isang ektarya sa bawat block group, habang ang mga block group na walang mga okupadong yunit ng pabahay ay hindi imamapa.

BATAYANG TIRAHAN/TRABAHO

Mga Sentro ng Populasyon sa Residensyal ng Botante

Para makapulong ang mga tao kung saan sila naroon, anuman ang kanilang natatanging socioeconomic na mga kalagayan, pangunahin sa pagsusuri ng pangangailangan ang pagiging malapit ng mga vote center sa sentro ng populasyon. Dahil sa hindi pantay na distribusyon ng populasyon sa buong County, hindi masusukat nang wasto ang mga sentro ng populasyon sa pamamagitan lamang ng data ng sensus. Bagaman nagsasabi ng tumpak na kapal ng populasyon ang census data sa mga bahaging urban, hindi nito masasabi ng may katumpakan sa pag-analisa sa mga bahaging rural na may malalaking heograpikong hangganan at at kaunti ang populasyon. Kung gayon matitiyak mga sentro ng populasyon mula sa dami ng botante na puwede nang bomoto gamit ang espesipikong data ng botante, at ipinakita ang distribusyon ng populasyon gamit ang itinalaga ng sensus na heograpikong mga lugar.

Kinalkula ang mga botante na puwede nang bomoto kada sangkapat ng isang milyang hangganan mula sa data ng RR/CC na ipinapakita rito ang rehistrado at hindi rehistradong mga botante na puwede nang bomoto para suportahan ang kasalukuyan at panghinaharap na nakasanayan sa pagboto. Para makalkula ang kapal ng populasyon, kumuha ng tinatayang representasyon ng mga lugar na maraming populasyon sa loob ng bawat census block. Hindi isinasama sa pamamaraang ito ang mga lugar na walang karapat-dalat na botante (mas mababa sa 0.25 na mga botante na puwede nang bomoto kada isang ektarya) sa malalaking block group sa hilaga at kanlurang bahagi ng County habang isinasaalang-alang pa rin ang mga botanteng nasa mga lugar na nakapangalat ang populasyon. Sinigurado ng pamamaraang ito na nailalarawan nang husto ng pagsusuri sa pangangailangan (demand analysis) ang pagiging malapit sa mga sentro ng populasyon sa lahat heograpiyang may sari-saring mamamayan sa County.

Malapit sa mga Sentro ng Hanapbuhay

Ang paglipat sa modelo ng vote center ay nagbibigay ng kalayaan sa mga botante na makaboto saanmang vote center sa County, at ipinalagay na gusto ng ilang botante na bomoto malapit sa kanilang trabaho o sa dinadaan nila papunta at pabalik sa bahay. Para masuri kung saan nagtatrabaho ang mga botante ng Los Angeles County, sinuri ng mga mananaliksik ang mga populasyon sa araw gamit ang employment data na inilaan ng Southern California Association of Government (SCAG). Ginawan ng mga mananaliksik ng mapa ang kapal ng trabaho para ipakita ang mga lugar na may mababa at mataas na kapal ng mga sentro ng hanapbuhay sa loob ng County.

Para masuri ang mga sentro ng hanapbuhay sa loob ng mainland Los Angeles County, ginamit ang employment data sa Transportation Analysis Zone (TAZ) Tier 1 level para kalkulahin ang kapal ng trabaho kada TAZ.

Para masuri ang mga sentro ng hanapbuhay sa Santa Catalina Island, kinalkula ang kapal ng trabaho sa pamamagitan ng paggugrupo sa data ng LODES (Longitudinal Origin-Destination Employment Statistics) sa antas ng census block.

BATAYANG BOTANTE

Mga May Kapansanan Botante

Dinisenyo ang bagong sistema ng pagboto ng Los Angeles County para ma-acces ng lahat ng botante sa pamamagitan ng pagtiyak available ang lubos na mapapakinabangang na kagamitan sa pagboto sa bawat vote center, at natutugunan ng mga vote center ang kinakailangang ADA accessibility, at ang pagsasaalang-alang na iyan ay dahil sa pagiging malapit sa vote center ng mga botanteng may kapansanan. Gamit ang data mula sa 2016 American Community Survey, puwedeng kalkulahan ang bilang ng mga taong may kapansanan na edad 16 pataas at ang porsyento at kapal ng populasyon ng mga may kapansanan sa census tract. Naisamapa ang porsyento ng populasyon ng mga taong may kapansanan sa County sa bawat census tract para matukoy ang mga komunidad na may mataas na proporsyon ng mga indibidwal na may kapansanan para sa ganun ay mahanap ng mga mananaliksik ang mga vote center na malapit sa lugar kung saan nakatira ang mga botanteng ito.

Mga Hindi Rehistradong Botante na Puwede nang Bomoto

Nakatuon ang RR/CC sa pag-accommodate sa mga kasalukuyang rehistradong botante habang iniisip ang mga pangangailangan ng susunod na henerasyon ng mga botante. Ang intensyon sa pagsama ng pagiging palaisip sa pagtiyak ng mga lokasyon ng vote center ay para pataasin ang pakikibahagi ng botante sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pagiging madalilng puntahan at mahuhusay na proseso na magpapasulong sa pakibahagi at babawas sa mga hadlang sa paglipas ng panahon.

Para maunawaan ang distribusyon ng mga indibidwal na karapat-dapat bomoto pero sa kasalukuyan ay hindi rehistrado, isinamapa ang kapal ng mga ganitong hindi rehistradong botante na puwede nang bomoto kada sangkapat ng isang milyang hangganan gamit ang data ng RR/CC na ipinapakita ang mga hindi rehistradong botante sa pangkalyeng antas. Ang block group lamang na pasok sa sangkapat ng isang milyang hangganan sa mga bahaging kalye na may isa o higit pang hindi rehistradong mga botante na puwede nang bomoto ang susuriin. Nakatulong ang paraang ito na maibukod ang mga lugar na walang mga

hindi rehistradong botante sa malalaking block group sa hilaga at kanlurang bahagi ng County, habang isinasaalang-alang pa rin ang mga hindi rehistradong botante na nakapangalat sa mataong lugar na ito.

Mababang Paggamit ng Vote by Mail

Para suportahan ang tunguhin ng VCA na pataasin ang pakikibahagi sa Vote by Mail sa buong Estado, mahalagang tukuyin ang mga komunidad na may kasaysayan ng mababang paggamit ng VBM para matiyak na malapit sila sa mga kombinyenteng lokasyong paghuhulugan ng VBM pero may mga vote center pa rin na madaling marating. Palalawakin nito ang mga mapagpipilian sa pagboto habang sinusupportahan ang kanilang kinagawiang kagustuhan na bomoto sa pamamagitan ng aktuwal na pagpunta sa botohan.

Ginamit ang tinatayang panlungsod na antas sa paggamit ng VBM sa 2020 eleksyon para pag-aralan ang ganitong batayan ayon sa pangangailangan.

Mga Rehistradong Botante na mayTendesiyang Bumoto

Para tiyaking magpapatuloy sa kanilang pakikibahagi sa eleksyon ang mga botante na matindi ang likas na hilig, hinanap at iminapa ng mga mananaliksik ang kapal kada block group ng botante. Ang mga block group na pasok sa isang sangkapat ng isang milyang hangganan sa mga bahagi ng kalye na may isa o higit pang mga botanteng matindi ang likas na hilig ang kinakatawan sa pagsusuri ng mapa. Ang paraang ito ay nakatulong na ihiwalay ang mga lugar na walang botante na nasa mga block group sa hilaga at kanlurang mga bahagi ng County, habang isinasaalang-alang pa rin ang mga botante nakapangalat sa matataong lugar na ito.

Mga Papausbong na Botante

Ang kapal ng mga papausbong na botante (mga taong nasa edad 15 hanggang 17) ay sinuri gamit ang lugar sa mga nakasensus na block group na pasok sa loob ng sangkapat na milyang hangganan sa palibot ng natukoy na mga bahagi ng kalye na may isa o higit pang mga botante na puwede nang bomoto kada sangkapat ng isang milyang hangganan. Ginamit ang census data para kalkulahan ang bilang ng mga taong nasa edad 15 hanggang 17 sa bawat block group. Nakatulong ang



pamamaraang ito na maihiwalay ang mga lugar na walang mga botanteng nasa malalaking block group sa hilaga at kanlurang mga bahagi ng County, habang isinasaalang-alang ang mga botanteng nakapangalat sa matataong lugar na ito.

BATAYANG TRANSPORTASYON

Magagamit na Transit

Mahalagang salik ang pagkakaroon ng magagamit na pampublikong transit na isinaalang-alang sa estratehikong paglalagay ng mga vote center para tiyaking kombinyente ito at madaling marating ng lahat ng botante. Kadalasang inaasahan ng mga komunidad na may mababang kita ang pagkakaroon ng magagamit na transit, at ipinapakita ng mga papausbong na botante na mas gusto nilang sumakay sa transit at hindi dahil sa kailangan nila. Sinuri ng mga mananaliksik ang lapit ng kasalukuyan at inaasahang mga botante ng potensyal na mga vote center at ng mga lokasyon ng pinaghuhulugan ng VBM sa lokal na mga network ng mga pampublikong transportasyon para sa ganun maunawaan ang galaw ng mga botante at mga hadlang sa para marating ang mga potensyal na lokasyon.

Nangalap ng data mula sa Los Angeles Metropolitan Transportation Authority (METRO) tungkol sa lahat ng mga hintuan ng transit na may espesipikong ruta. Inuuri ang mga hintuan ng transit alinman sa mataas ang kalidad o mababa ang kalidad batay sa mga pagitan ng dalas ng serbisyo na mababa o higit sa 15 minuto, ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang magagamit na transit sa buong County ay binigyan ng kategorya na mahusay na magagamit na transit at walang magagamit na transit. Tumutukoy ang score na mahusay, sa mga lugar na pasok sa sangkapat ng isang milya na may distansyang nalalakad mula sa mga hintuan ng transit na mataas ang kalidad. Para sa mga antas ng rating, gumawa ng isang simpleng hangganan sa palibot ng mga hintuan ng transit gamit ang mga distansya sa Table 5.

Table 5. Mga Kategorya ng Pagkakaroon ng Magagamit na Transit

Mahusay	Mga lugar na pasok sa 0.25 milya ng isang mataas ang kalidad na hintuan ng transit
Mabuti	Mga lugar na pasok sa 0.5 milya ng isang mataas ang kalidad na hintuan ng transit
Katamtaman	Mga lugar na pasok sa 0.25 milya ng isang mababa ang kalidad na hintuan ng transit
Hindi Mabuti	Mga lugar na pasok sa 0.5 milya ng isang mababa ang kalidad na hintuan ng transit
Wala	Mga lugar lampas sa 0.5 milya ng isang mababa ang kalidad na hintuan ng transit

Mga Pattern at Pagsikip ng Trapiko

Dahil sa kinikilala na ang mga pattern ng trapiko at mga sagabal sa pag-access ay nagpapahirap sa pagboto, sinuri ng mga mananaliksik ang pagsikip ng trapiko at trapiko sa pamamagitan ng pagmamapa ng mga bilang sa bawat isang milya ng kalsada sa bawat transportation analysis zone. Ginamit ang data ng kalye mula sa Los Angeles County para kalkulahin kung ilang milya ang haba ng kalsada sa loob ng bawat TAZ, at nagbigay ng data ang Esri na siyang ginamit sa pagkalkula ng kabuuang dami ng trapiko sa bawat TAZ. Hinati ang kabuuang bilang ng nai-record na bilang ng trapiko sa kabuuang milya ng kalsada sa bawat TAZ. Nakatulong ang pagsusuring ito na maiwasan ng mga mananaliksik ang pangunahing masisikip na lugar kapag tinitiyak kung saan ilalagay ang mga vote center.

Paradahan na Madaling Marating ng Publiko

Para mabigyang-daan ang pakikibahagi ng botante, mahalagang madaling marating ng mga botante ang kanilang napiling vote center nang hindi nahahadlangan dahil sa kakulangan ng mapaparadahan, lalo na para sa mga may kailangan ng madaling marating na paradahan ng ADA. Sinisikap ng mga mananaliksik na tiyaking kombinyente ang mga botante sa pamamagitan ng pag-una sa libre at madaling marating na paradahan bilang minimum na kinakailangan sa isang angkop na vote center.

Nangalap ng parking lot data para makapagsagawa ng density analysis na maituturing na angkop sa bawat mapagpaparadahan. Lalong nagbigay ng halaga ang pagsusuring ito sa libre at available na pampublikong paradahan. Kinakatawan ng pagsusuri ang dami ng paradahan na magagamit ng publiko sa buong County; gayunman, hindi nito tinitingnan ang mga madaling mapuntahan na espasyo ng ADA, na sinuri sa pamamagitan ng desktop review process at mga assessment sa mismong site ng mga vote center.



1

Figure 5. Mga Data Layer, Part

Mga Story Maps

Para makapagbigay ng transparency at isang pamamaraang pinagtutulungan at madaling gawin para maunawaan ang mga komplikadong proseso ng pagsusuri ng paglalagyan ng Vote center, nag-develop ang mga technical consultant ng mga online story map na makapagbibigay ng nakikitang display ng bawat ginamit na mga layer ng data para suriin mga kondisyon ng county. Nakapagbibigay din ang madaling gamiting online platform ng buod ng pamamaraan, mga pinagmumulan ng data, at iba pang ginamit na pagsasaalang-alang habang pinuproseso ang paglalagyan ng Vote center.

Ipinapakita ng mga Figure 5 at 6 ang demand na nakalagay sa batayang ginamit sa bawat layer ng data. Ang pinakamatingkad na kulay ay nagpapakita ng mataas na konsentrasyon sa bawat batayan nito. Ang pinakamapusyaw na kulay ay nagpapakita na walang konsentrasyon o mababa ang konsentrasyon sa bawat batayan nito.





Figure 6. Mga Data Layer, Bahagi 2





2.3 PAGSUSURI NG PASILIDAD

Para matukoy ang potensyal na mga pasilidad para sa vote center, magsasagawa ang PlaceWorks ng malawak na pagrepaso sa kamakailan at makasaysayang lugar ng botohan para makita kung alin, kung mayroon man, ang tamang-tama na gawing vote center. Tutukuyin din ng PlaceWorks ang hindi karaniwang mga pasilidad na hindi pa nagagamit para sa botohan. Gamit ang file ng data na tinukoy sa 2.2.2, ang karagdagang mga pasilidad na hindi pa nagagamit bilang botohan ay tinukoy at sinuri para sa pagiging angkop. Ang proseso ng pagrepaso sa mga paasilidad na ito ay nangangailangan ng mga walong buwan ng paghahanap sa internet, geospatial analysis, interbyu sa telepono, field assesment, at pakikipag-ugnayan sa stakeholder, na umaakay sa database nang hanggang 10,000 potensyal na lokasyon para sa vote center.

2.3.1 Pakikibahagi ng Stakeholder

Para malaman ang higit pang detalye sa kondisyon ng isang pasilidad, nakipagtulungan ang PlaceWorks sa may-ari ng pasilidad, operator, o mga gumagamit na may karanasan sa pasilidad at mas pamilyar sa kasalukuyang kondisyon nito. Isasagawa ang pakikipag-ugnayan sa Stakeholder para pagbigyan ang mga kagastuhang availability ng stakeholder. Isinasagawa ang kolaborasyon sa iba't-ibang paraan, pero ang hangarin ng lahat ay alamin ang kondisyon ng pasilidad tulad ng:

- Oras ng operasyon
- Contact sa pasilidad
- ADA accessibility
- Paradahan at pangkalahatang gamit
- Sukat ng silid sa pasilidad
- Mga security feature
- Koneksyon sa kuryente at network
- Nagpapatuloy na Programming

MGA CLERK SA LUNSOD

Gumaganap ng mahalagang papel ang mga clerk sa lunsod sa pag-alam sa mga kundisyon ng pasilidad, pag-uugnay sa mga mananaliksik at sa contact ng pasilidad, pagsangkot sa publiko para mahikayat na makibahagi at magbigay ng feedback. Sumali ang PlaceWork sa mga clerk sa taunang (Pagpupulong ng Clerk ng Lungsod) City Clerk Summit ng Register-Recorder/County Clerck at nagharap ng mga toolkit ng lugar na pagpopokus na may kasamang isang listahan ng mga potensyal na pasilidad at kaugnay nitong mga mapa. Kasunod ng summit, inialay ng mga clerk ang kanilang sarili sa pagrerepaso ng pagbibigay ng feedback sa mga pasadyang spreadsheet, na siyang ginamit naman ng mga mananaliksik para matiyak ang inisyal na kaangkupan ng isang site.

Sa ilang mga kaso, ginamit din ng mga Clerk ng Lungsod ang kanilang mga lokal na network para ikonekta ang mga mananaliksik sa mga manedyer ng pasilidad, mga may-ari ng negosyo, at sa iba pang mga contact na ahensya na may karagdagang kaunawaan sa kundisyon ng ari-arian.

MGA PAMPUBLIKONG AHENSYA

Gumaganap ng mahalagang papel ang mga pampublikong ahensya sa pagbeberipika ng kundisyon ng pasilidad yamang marami sa magagamit na pasilidad, tulad ng mga aklatan, mga community center, at mga city hall, ay pag-aari ng publiko. Nakipagtulungan ang mga ahensya sa mga mananaliksik para repasuhin ang mga pasadyang spreadsheet ng lahat ng pasilid na nasa ilalim ng kanilang hurisdiksyon. Sa ilang kalagayan, nagagawang i-verify ng mga lider ng ahensya ang impormasyon ng lahat ng pasilidad; sa ibang kalagayan naman, mga mananaliksik ang may koneksyon sa mga manedyer ng pasilidad para makapagbigay ng patiuang kaunawaan at tulong sa pag-iiskedyul ng mga pagbisita sa site. Kasama sa mga pampublikong ahensya na kokonsultahin sa pagsisikap na ito ay ang:

- Animal Care and Control ng LA County
- Department of Parks and Recreation ng LA County
- Department of Water and Power LA County

- Department of Workforce Development, Aging and Community Services ng LA County
- Aklatan ng LA County
- Department of City Planning ng Lungsod ng Los Angeles
- Department of Public Works ng Lungsod ng Los Angeles
- Department of Recreation & Parks ng Lungsod ng Los Angeles
- Public Library ng Lungsod ng Los Angeles
- Economic & Workforce Development Department ng Lungsod ng Los Angeles
- Mga School District
- Metropolitan Transportation Authority (Metro) ng Los Angeles County

INTERNASYONAL NA KONSEHO NG MGA SHOPPING CENTER

Napag-alaman ng RR/CC at mga mananaliksik ng proyekto ang makabagong pamamaraan para makapulog ang mga botante kung saan sila nag-iipon-ipon sa pamamagitan ng mapamaraang paghahanap ng mga retail facility na nakakatugon sa mga kinakailangan para sa pasilidad at lumilikha ng mapang-engganyo at kumbinyenteng kapaligiran para sa makaboto ang mga botante. Isang komplikadong proseso ang paghahanap ng angkop na mga lokasyon ng nagtitingi na isinama sa pagsasaalang-alang ng mga kasalukuyang bakante, pagkakaroon ng mga silid para sa komunidad, at kakayahang makipag-ugnayan sa pinaka-angkop na contact ng pasilidad na may awtoridad na sumali sa ganitong proseso.

Para makausap ang mahahalagang contact ng pasilidad ng mga lokasyon na nagtitingi, nakibahagi ang RR/CC sa Western Conference at Deal Making Symposium na isinaayos ng Internasyonal na Konseho ng mga Shopping Center (Sentro ng Pamilihan). Pinagsama ng event na iyon ang mga lider sa industriya ng real estate, kabilang ang mga ahente ng real estate, mga broker, at mga manedyer ng ari-arian na interesado sa mga trend at pangangailangan ng real estate ng rehiyon. Sa pagdalo sa event


na ito, nagagawa ng RR/CC at PlaceWorks na makausap ang mga pangunahing mamumuhanan na may kakayahang i-verify ang pagiging available at kundisyon ng pasilidad.

PANGKALAHATANG PUBLIKO - VCPP ONLINE PORTAL

Isang web-based tool ang Vote Center Placement Portal (Portal sa Paglalagay ng Vote Center) na magagamit ng publiko para makapagkomento sa mga lokasyon ng vote center gamit ang interactive na mapa. Magagamit ng mga nakikibahagi ang portal para makapagmungkahi ng mga pasilidad sa pamamagitan ng pag-pinpoint sa isang espesipikong lokasyon sa mapa para tukuyin ang potensyal na lokasyon ng vote center at makapagbigay ng mga detalye tungkol sa pasilidad tulad ng pangalan nito, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga larawan, at mga feature para masabing pinaka-angkop na lokasyon ito. Magagawa rin ng mga nakikibahagi na marepaso at makapagkomento sa mga iminungkahing lokasyon para makapagbigay ng kaunawaan sa mga feature at kalagayan ng pasilidad, tulad ng pagiging malapit nito sa pampublikong transit, ADA accessibility, mga oras ng operasyon, pagiging available at mga kalagayan ng paradahan, pangkaligtasan, katangian ng nakapalibot na pamayanan.



Figure 7. VCP Online Portal



Para makaenganyo ng pakikipag-ugnayan sa Portal, dinisenyo ito para madaling ma-access gamit ang mga desktop computer, tablet, at mobile device. Para makalikha ng isang madaling gamitin, functional, may magandang graphic, at platform na inorganisa sa lohikal na paraan, sinadyang dinisenyo ito para magamit ng mga user na may iba't ibang kakayahan at may kasamang mga accessibility feature na tulad ng mga madaling basahing font, color, at interactive screen-reader compatibility. Gamit ang Portal, puwedeng i-download ng mga user na hindi gaanong komportableng magbasa ng mapa, ang mga iminungkahing pasilidad sa nakalistang format.

Para suportahan ang pakikibahagi ng mga taong may iba't ibang kulura at wika, isinalin ang Portal sa 13 wika:

- Armenian | Հայերեն
- Chinese | 中文
- English
- Farsi | فارسی
- Hindi | हिन्दी
- Japanese | 日本語
- Khmer | ភាសាខ្មែរ
- Korean | 한국어
- Russian | русский
- Spanish | Español
- Tagalog
- Thai | ไทย
- Vietnamese | TiếngViệt

Available na ang Vote Center Placement Portal simula noong Mayo 2018 hanggang Marso 2019. Sa mahigit na 10 buwang lumipas, nakapagrepaso na ang PlaceWorks ng humigit-kumulang 1,700 komento at mungkahi na isinumite ng mga miyembro ng publiko.

PANGKALAHATANG PUBLIKO: MGA PAGPUPULONG NG KOMUNIDAD

Karagdagan pa sa pakikibahagi online sa pamamagitan ng Portal, isinangkot ng RR/CC ang mga miyembro ng publiko sa isang matatag na pagsisikap sa pakikisangkot ng komunidad na kasama dito ang 67 pagpupulong sabuong walong buwan. Ang pangbuong county na pagkukusang ito ay nakapagbigay ng pagtuturo sa mga miyembro ng publiko tungkol sa Voter’s Choice Act at sa Vote Center Placement Project habangi iniimbitahan sila na magkomento sa iminumungkahing mga lokasyong vote center.

Binisita ng mga nakikibahaging nagpupulong ang mga istasyon ng open house kung saan sila nakipagpulong sa mga kinatawan ng mga organisasyong nakabase sa komunidad, sa mga technical consultant, o sa tauhan ng County at nakatanggap ng pagtatanghal ng interactive na pagtuturo para gabayan sila sa iba't ibang function ng Portal. Nagawa rin nilang makapagbigay ng real-time na mga komento at mungkahi sa pamamagitan ng VCPP Portal o sa nakasulat na komento sa mga card. Ang mga natanggap na komento at mungkahi sa mga card habang nasa pagpupulong ng komunidad ay ipinasok sa Portal sa kalaunan para tiyaking lahat ng komento at mungkahi na ginawa sa panahon ng mga pagpupulong ng komunidad ay makikita ng publiko.

Namahagi rin ng mga naka-print na postcard ang mga nagpupulong na facilitator, na QR code na naka-link sa Portal para bigyan ang mga nakikibahagi ng mabilis na magagamit na Portal gamit ang kanilang mga mobile device sa panahon ng pagpupulong o sa kanilang libreng oras. Higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpupulong ng komunidad ang makikita sa Seksyon 3.3.

Figure 8. Mga Flyer na sinlaki ng Postcard






2.3.2 Pagsusuri ng Site – Pagrepaso sa Desktop

PAMAMAMARAAN

Ang yugto ng pagrepaso sa desktop ng pagsusuri ng pasilidad ay nagbibigay ng pagkakataon na masuri online ang mga potensyal na site na sinusundan ng mga pakikipanayam sa telepono, na siyang magiging resulta ng unang antas ng interaksyon sa mga pasilidad sa proseso ng pagsusuri. Ang yugtong ito ng pagsusuri ay nagsangkot ng masinsinang pagrepaso at pagpipino ng mga kasalukuyang record ng pasilidad at isinilbi para alisin ang mga pasilidad na hindi nakakaabot sa minimum na mga kinakailangan, may mga dobleng record, o hindi na umiiral.

Inilagay sa isang ArcGIS na Online Application ang impormasyong nakuha sa pamamagitan ng proseso ng pagrepaso sa desktop, abg Vote Center Desktop Survey Application, at kalaunan ay ginamit ng mga field mananaliksik para repasuhin at i-verify ang mga detalye ng pasilidad at impormasyon sa pakikipag-ugnayan habang nagsasagawa ng pagsusuri ng pasilidad sa mismong site.

Figure 9. Desktop Review Portal



Pagrepaso ng Data

Sangkot sa unang yugto ng pagrepaso sa desktop ang paunang pagrepaso at puntos ng bawat pasilidad gamit ang web-based na mga mapping tool, mga pampublikong record,

Kasama sa unang yugto ng pagrepaso sa desktop ang paunang pagrepaso at puntos ng bawat pasilidad gamit ang mga web-based na mapping tool, mga pampublikong record, Mga data layer ng County GIS, mga lokal na direktoryo ng negosyo, at pangkalahatang pananaliksik online. Ang layunin ng pagsasaliksik na ito ay para tiyakin kung nakakatugon ba ang pasilidad sa minimum na mga kinakailangan at dapat na iangat sa kasunod na yugto ng pagsusuri o kung ito ba ay dapat na alisin dahil sa pagiging hindi angkop na site. Ang minimum na kinakailangan na isinaalang-alang ay:

- Pagkakaroon at lokasyon ng paradahan—magagamit ng ADA at pangkalahatang paradahan

- Distansya sa transit
- ADA accessibility
- Katayuan ng pasilidad (hindi na ginagamit sa negosyo, na-demolish na, nagbago na ang gamit, atbp.)
- Pangkalahatang mga oras ng operasyon
- Maasahang impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Kagustuhang makibahagi

Mga Panayam sa Telepono

Ang mga pasilidad na nakaabot sa paunang mga kinakailangan ay lilipat na sa kasunod yugto ng pagsusuri, na sangkot dito ang pakikipagpanayam sa telepono na may intensyong mangalap ng mga karagdagang detalye ng pasilidad para malaman kung ang site ay may kagustuhang makibahagi sa proseso ng vote center at kung nakakaabot sa mga kinakailangan para mabisita ang site. Kadalasang ipinakikilala sa mga pag-uusap na ito ang Voter's Choice Act at ang bagong modelo ng pagboto at nagpasimula ng mahalagang hakbang sa importanteng pagtatatag ng ugnayan sa pagitan ng mga menedyer ng pasilidad at ng tauhan ng eleksyon ng County.

Ipinalam ng mga mananaliksik ang mga tunguhin ng proyekto at ang target na mga katangian ng vote center at sisikaping punan ang mga patlang sa data na natukoy habang nasa yugto ng pagrepaso sa desktop. Hindi laging available ang mga espesipikong detalye ng pasilidad sa mga panayam sa telepono dahil ang kinausap na tao ay kadalasang walang alam sa mga teknikal na detalye tulad ng network connectivity, sukat ng silid, at mga salungatan sa programming. Kung hindi makapagbigay ng mga karagdagang detalye ang mga contact ng pasilidad pero gustong makibahagi, lilipat na ng PlaceWorks ang mga pasilidad na iyon tungo sa kasunod baytang ng pagsusuri. Sa panahon ng pakikipagpanayam, hinilingan ang mga contact na i-verify ang:

- Available na silid (cafeteria, silid-pulungan, gymnasium, atbp.)
- Sukat ng silid (isang talampakang parisukat o kung posible ang dimension nito)
- Bilang ng mga sasakan ng kuryente sa silid

- Koneksyon sa network at internet
- Kapasidad ng bodega nito
- Mga sagabal sa pag-access ng ADA
- Kagustuhang makibahagi ng pasilidad

Makakatanggap ng mga tawag sa telepono ang mga pasilidad na sumulong na sa kasunod na baytang ng pagsusuri para pasimulan ang pagbisita sa site. Sa ilang mga kalagayan, ang ikalawang tawag na ito ay isang paalala lamang tungkol sa proyekto para madaling makapag-iskedyul ang mga mananaliksik ng mga pagbisita sa site. Sa mga kaso kung saan hindi makontak ng mga mananaliksik ang mga angkop na contact ng pasilidad para ma-verify ang mga detalye at makapagpa-iskedyul ng pagbisita sa site, magsasagawa ng pagsusuri mula sa labas ang mga mananaliksik sa mga pasilidad na ito.

Istandard na protokol na tawagan ang bawat pasilidad nang hanggang tatlong beses hanggang sa makausap ang contact. Kung may available na voicemail, mag-iiwan ng mensahe at sa maraming kaso, ang huling pagtatangka ay gagawin sa pamamagitan ng pag-email.

Mga Resulta

Pagkatapos ng pagrepaso sa desktop at mga panayam sa telepono, ilalagay ang bawat pasilidad sa isa sa mga sumusunod na kategorya:

- Tinanggap: Mga site na nakatugon sa minimum na kinakailangan at interesado na maging mga vote center.
- Nasa Proseso: Mga site na sinuri online sa pamamagitan ng paghahanap sa internet pero hindi pa nasuri sa pamamagitan ng pakikipanayam sa telepono.
- Nakabinbin/Hindi pa tukoy: Mga site na hindi pa narepaso dahil ang target na bilang sa lugar na pinag-aaralan ay nakompleto na.
- Di-tanggap (ADA): mga site na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng ADA.
- Di-tanggap (doble): Doble o maling mga record.



- Di-tanggap (iba pa): Mga site na natiyak na hindi angkop dahil sa mga kadahilanang hindi sapat ang laki ng silid, mga salungatan sa programming, hindi na umiiral ang pasilidad, ayaw makibahagi ng pasilidad, hindi kinalala ng kapartner na mga ahensya at ng City Clerks (mga Clerk sa Lungsod) bilang angkop na pasilidad.

Ang mga pasilidad na inilagay sa kategoryang “Tinanggap” o “Nasa Proseso” ay sumulong tungo sa kasunod na baytang ng pagsusuri, at nakaiskedyul para sa pagbisita sa site. Ang mga pasilidad na inilagay sa kategoryang “Nakabinbin” ay itinabi. Itatabi bilang hindi angkop ang mga pasilidad na Di-tinanggap. Maaring maging angkop ang mga site na ito bilang gusali ng ADA habang gumagawa ng pagpapaganda o kapag dumating ang panahon na gusto na nilang makibahagi.

Mga Hinahangad na Resultang Ibinatay sa Populasyon sa Lugar na Pinag-aaralan

Sinuri ng mga mananaliksik ang 188 na lugar na pinag-aaralan na naglalaman ng mahigit 10,000 potensyal na mga pasilidad na may tunguhing gawin itong 2,300 pinakaangkop na site. Gamit ang impormasyon mula sa populasyon at sentro ng hanapbuhay at mga layer ng data, nagawa ng mga mananaliksik na makapagpaunlad ng pormula para matiyak kung paano maikakalat nang pantay ang mga pinal na mga pasilidad ng vote center sa buong County. Ginamit ang pormulang ito para maitatag ang hinahangad na bilang ng mga vote center sa bawat lugar na pinag-aaralan ayon sa mga kinakailangan ng VCA na batay sa populasyon.

Nakatulong ang paggamit ng pormulang ito sa mga mananaliksik na gawin itong 10,000 pasilidad sa pamamagitan ng mapamaraang paghahanap ng mga pasilidad na hindi lalampas sa lapit na isangkapat ng isang milya mula sa kalapit nito habang itinataguyod ang mga kinakailangan ng VCA na batay sa populasyon (tingnan ang Section 1.3.1) na titiyak ng pantay na mga oportunidad na makaboto sa mga vote center sa buong county.

Sa pagsisikap na mahigitan ang mga kinakailangan ng VCA, pinarami ng mga mananaliksik ang inaasahang bilang ng mga vote center para sa bawat lugar na pinag-aaralan at na-multiply sa 2.2 para makapagbigay

sa RR/CC ng higit pang mga potensyal na pasilidad kaysa sa kailangan, para maging flexible kapag nagkokoordina ng mga eleksyon sa pagiging available ng pasilidad at onboarding.

Sa sandaling natugunan na ang binagong target sa lugar na pinag-aaralan, naging handa na ang mga pasilidad na iiskedyul para mabisita sa site, ang intensyon ay “mapatunayan sa aktuwal na pagtingin (ground-truth)” mga resulta sa pagsasaliksik sa desktop—hal., i-verify ang mga resultang iyon sa aktuwal na pagpunta sa lugar—at tiyakin ang pinal na rekomendasyon para sa pagiging angkop ng pasilidad bilang potensyal na vote center.

2.3.3 Pagsusuri sa Larangan (Field Review) / (Aktuwal na Pag-alam) Ground-Truthing

METODOLOHIYA

Makakatanggap ng mga pagbisita sa site ang mga pasilidad na isinulong na sa antas ng pagsusuri sa field para i-verify ang kalagayan ng site. Ginamit ng mga mananaliksik ang pagkakataong ito para i-verify ang katumpakan ng pananaliksik, para punan ang mga kulang na data, at tukuyin ang anumang di-inaasahang kalagayan na malamang bumago sa pagiging angkop ng site. Ang tunguhin sa antas na ito ng pagproseso ay tiyakin kung aling mga pasilidad ang pinakaangkop, na aakay sa pinal na mga rekomendasyon para sa 1,000 potensyal na mga vote center. Sinuri ng mga tagapagsuri ang mga sumudunod na kondisyon:

- Pagiging mapupuntahan ng lahat (Universal accessibility)
- Pagkakaroon ng mga sagabal sa loob ng pasilidad
- Nakatalagang paradahan para sa ADA
- Sapat na sukat ng silid at lugar para sa storage
- Power at elektrikal na kapasidad
- Secure na koneksyon sa network

Sa loob ng anim na buwan, nabisita ng isang pangkat ng mga field mananaliksik ang 2,300 pasilidad sa buong Los Angeles County. Sa katamtaman, gumugol ang mga mananaliksik ng 15 hanggang 30 minuto sa bawat pasilidad, nagbyahe ng humigit-kumulang 20,000 milya, at sa wakas ay naglaan ng tinatayang 4,000 oras sa pagsisiyasat ng mga pasilidad.

Pag-iiskedyul

Para mapagbigyan ang mga may-ari at manedyer, sinimulan ng mga mananaliksik ang proseso ng field review sa pamamagitan ng mga pagtawag sa telepono para makapagbigay ng maagang abiso bago bumisita sa site at magsagawa ng mga field review. May ginawang online scheduling tool para subaybayan ang matinding pagsisikap sa

pakikipag-usap at koordinasyon sa mga pagbisita sa mahigit 2,000 pasilidad na ito.

Kapag kinakailangan, nakipagtulungan ang PlaceWorks sa mga City Clerk at mga administrador ng school district para makapagpaikedyul ng mga pagsusuri para mapagbigyan ang programming at mga iskedyul ng tauhan. Madalas na nakulong ang mga City Clerk para mapabilis ang mga pag-uusap sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga paalala, pag-verify ng mga impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at sa ilang kaso, pagtulon na mapuntahan ang mga pasilidad.

Sinikap ng PlaceWorks hangga't posible na bawasan ang pagkaabala at pagkasira ng regular na operasyon at programming, at ng nakaiskedyul na mga pagbisita sa site para lamang mapagbigyan ang kinakailangan ng pasilidad.

Isa ibang kaso, kung saan may mga pasilidad na walang normal na mga oras ng operasyon, mataktikang isinagawa ang mga pagbisita sa site sa mga oras ng operasyon sa pag-asang makausap ang pangasiwaan ng pasilidad. Partikular nang mahalaga ang pamamaraang ito kapag nagsisiyasat ng mga lugar ng pagsamba kung saan ang mga manedyer ay mahirap makausap kapag araw ng lunes hanggang biyernes.

Sa mga kaso kung kailan hindi nakausap ng mga reviewer ang contact ng pasilidad pagkaraan ng ikatlong pagtatangka na tawagan o i-email, isinagawa ang pagsusuri mula sa labas. Ang ganitong mga panlabas na pagsusuri ay ginagawa lamang para sa pag-verify ng paradahan at ADA accessibility pero kadalasan nang sinasamahan ng nakalap na data sa panahon ng yugto ng desktop review ng pagsusuri. Anuman ang mangyari, isinagawa pa rin ang pagbisita sa site.

Pangangalap ng Data

Para mahusay na makalap ang naka-streamline na data galing sa field, ginamit ng mga mananaliksik ang pasadya at web-based na mga tool tulad ng Survey123 at Workforce para sa ArcGIS na compatible sa kahit anong device na may cellular connection o web browser. Ang mga innovative tool na ito ay nagagamit ng mga mananaliksiks para:

- Makapag-iskedyul ng mga pagbisita sa site para sa mga indibidwal na mananaliksik



-
- Matingnan ang nakatakdang mga pagbisita sa site
 - Planong ruta sa pagmamaneho na nakabatay sa lapit ng nakaiskedyul na mga pasilidad
 - Pagkompleto ng mga assessment form ng pasilidad
 - Pagdokumento ng mga tala ng pasilidad
 - Makakuha ng makapag-ingat ng mga larawan ng pasilidad

Batayan ng Pagsusuri

Habang nasa field, nakapokus ang mga mananaliksik sa kanilang mga pagsisikap na mapunan ang kulang sa data na hindi na-verify sa panahon ng pagproseso ng desktop review at sa paggawa ng mga tala ng anumang pagbabago o mga hindi pagkakapare-pareho ng mga resulta sa desktop research. Ang saligan ng assessment para sa ADA accessibility ay ibinatay sa ADA Checklist para sa mga Lugar ng Botohan na itinatag ng United State Department of Justice. Maingat na sinuri ang mga sumusunod na katangian ng site:

1. Paradahan
 - Lokasyon at bilang ng paradahan sa site (regular at ADA)
 - Dapat matatagpuan ang paradahan ng ADA sa pinakamaikling distansyang madaling marating na daanan patungo sa pasukan.
 - Semento ng paradahan ng ADA
 - Ang espasyo ng ADA ay dapat na matatag, matigas, sahig na hindi madulas at walang malaking na bitak at sirang semento.
 - Mga paradahan ng ADA na pahilig (tuloy-tuloy at nagsangang pahilig)
 - Hindi dapat lumampas sa 2.08 na porsyento ang hilig nito saanmang direksyon.
 - Mga lugar ng babaan at sakayan ng pasahero
 - Kapag mayroong maraming babaan ng pasahero, kahit papapaano dapat may isang babaan na madaling marating.
2. Madaling marating na daanan mula sa Pinakamalapit na Madalang Marating na Paradahan patungo sa Pangunahing Pasukan
 - Mga lokasyon ng rampa at mga malulubhang kakulangan
 - Rampa: slope at break
 - Dapat nakakatugon ang mga rampa sa mga kinakailangang proteksyon na pahilig, lapad, mga landing, barandilya, at gilid.
 - Dapat na may lebel na landing ang mga rampa sa ilalim, sa ibabaw, at kung saan magbabago ng direksyon ang rampa.
 - Pinakasahig sa daanan
 - Dapat na matatag, hindi gumagalaw, at hindi madulas ang mga pinakasahig.
 - Ang biglang pagbabago ng taas at baba o mga bagay na nakausli
 - Dapat ang daanan ay walang biglang pagbabago sa taas o baba sa lebel, mga baytang, mataas na hamba, o daanan na mataas ang pagkakahilig.
 - Ang mga bagay na nakabitin sa pedetriyan ay dapat na hindi bababa sa 80 pulgada ang taas ng dinadaan at ang mga nakausling bagay at hindi bababa sa 12 pulgada pausli sa dinadaan.
 - Kasama sa mga nakausling bagay sa labas ang poste o mga karatulang nakakabit sa dingding at mga sanga ng puno na nakayungyung.
 - Kasama sa mga nakausling bagay sa loob ang mga fire extinguisher, dekorasyon na nakabit sa dingding, mga bukas na hagdan, mga karatula ng labasan, mga karatula na lampas ulo, mga banner, mga arko sa pasukang pinto.
 - Mga iba pang isinasaalang-alang
 - Dapat 36 na pulgada ang lapad ng mga accessible na daanan at walang mga baytang at mga kurbang walang mga rampa.
 - Kung may mga feature sa accessible na daanan na hindi mababago at mayroon nito, pipiliin ang ibang daanan at na madaling marating.



- Sa mga kaso kung kailan ang pinakamalapit na paradahan ay wala sa kalapit na bloke ng pasilidad, ibig sabihin hindi nasuri ang path of travel mula sa paradahan.
3. Madaling Daanan na Kalsada mula sa Pinakamalapit na Hintuan ng Transit patungo sa Pangunahing Pasukan
- Mga lokasyon ng kurbada (Curb-cut) at malalaking kakalungan
 - Pahilig na magagamit na mga rampa
 - Pinakasahing sa dinadaan
 - Anumang biglang pagbabago lebel ng sahig
 - Mga karagdagang detalye sa magagamit na daanan na maaaring may problema

Kung ang pinakamalapit na hintuan ng transit ay hindi doon mismo lugar na iyo o hindi kalapit ng bloke ng pasilidad, ibig sabihin hindi nasuri ang path of travel mula sa transit.

4. Accessible na mga Pasukan ng Gusali
- Lapad ng pangunahing pintuang daan
 - Dapat may minimum na lapad na 32 pulgada ang pintuan sa accessible na pasukan kapag nakabukas ng 90 degrees.
5. Mga Detalye ng Silid
- Bilang ng available na mga silid at taas, lapad, haba nito
 - Tingnan ang Table 1 para sa mga klasipikasyon at kapasidad ng sukat ng silid
 - Puwedeng pag-isahin ang maraming silid kung walang mga sagabal sa pagitan ng bawat silid.
 - Bilang ng saksakan ng kuryente
 - Naikakandado ang mga silid
6. Mga Lift at Elevator

- Kung ang lugar na pagbobotohan ay wala sa lebel ng entrance, dapat na may nakabukod na napapaganang elevator o lift para may magagamit na accessible na ruta.
 - Dapat sapat ang lapad ng pinto papasok ng elevator o lift at ang espasyo sa loob nito para makapaglamang ng mga wheelchair at iba pang mga device na panghakot.
7. Iba Pang Detalye ng Pasilidad
- Network connectivity
 - Lahat ng silid maliban sa storage room ay kailangan ng magagamit na internet
 - Mga oras ng operasyon

Mga Resulta

Nagbigay ng malaking kaunawaan ang proseso ng pagsusuri sa field sa kalagayan ng pasilidad at napag-alaman na tinatayang 84 porsyento ng binisitang mga pasilidad ay masasabing angkop bilang potensyal na mga vote center. Ang natitirang 16 na porsyento ay hindi nakaabot sa mga kinakailangan kaya hindi itinuring na angkop bilang potensyal na mga sentro ng botahan. Ang mga pasilidad na ito ay ia-archive sa database para sa County na magagamit bilang reperensya sa hinaharap habang ginagawa ang pagsasaayos ng gusali na accessible ng ADA at makakasabay na ang mga manedyer ng pasilidad sa bagong modelo ng pagboto.

Ang pinakakaraniwang mga dahilan kung bakit hindi tinatanggap ang mga site ay dahil sa:

- **ADA Accessibility.** Mga site na hindi makapagbigay ng ADA accessibility at hindi makapagbigay ng patas na access para sa lahat kaya hindi nakatugon sa mga minimum na kinakailangan.
- **Sukat ng Silid.** Masyadong maliit ang mga silid sa mga pasilidad para magkasya ang kailangang equipment. Sa ilalim ng bagong modelo ng pagboto, ang minimum na sukat ng silid ay tinatayang 1,000 square feet. Ibinaba ang minimum na angkop na sukat ng pasilidad na may malalaking silid sa ilang lugar na pinag-aaralan. Tinanggap ang mga pasilidad pero ang orihinal na

kinakailangang laki ng silid ay alinman sa mga pampublikong pasilidad o mga pasilidad na nagamit na dati bilang mga lugar ng botohan.

- **Tumangging Mapuntahan.** Hindi pinapasok ang mga field reviewer sa pasilidad sa kabila ng mga naunang kasunduan sa iskedyul.
- **Tumangging Makibahagi.** Mga contact ng site na alinman sa ayaw nang makibahagi sa proseso o nagkaroon ng problema sa pagiging available ng pasilidad. Sa ilang kalagayan, ang mga silid na nagamit noong nakaraan ay hindi na puwedeng gamitin dahil sa mga pagbabago sa programming o iba na ang may-ari.

Hindi naaabot sa kinakailangang pagiging angkop ng vote center ang ilang pasilidad pero mayroon naman itong iba pang kanais-nais na kalidad kaya inirekumenda bilang mga lokasyon na pinaghuhulugan para sa Vote by Mail. Dahil sa naluluma nang gusali at mga kamakailang pagbabago sa patakaran, maraming pasilidad sa buong bansa ang hindi nakakaabot sa pangunahing kinakailangan ng ADA.

Mga Hakbang para Pagaanin ang Kinakailangan sa ADA Accessibility


Para makasabay sa panahong ito ng pagsasamoderno ng mga gusali, sinuri ng PlaceWorks ang mga pasilidad na nakakatugon sa ADA accessibility para matukoy ang potensyal na mga hakbang sa pagpapagaan na magpapasulong sa accessibility na mabilis at hindi magastos. Ang mga pasilidad na posibleng pagaanin ang kinakailangan ay hindi ni-reject kapag walang ibang accessible na ADA at walang ganap na angkop na mga pasilidad sa malapit sa kanya-kanyang binanggit na populasyon. Ayon sa Checklist ng ADA para Mga Lugar ng Botohan, kasama sa sinusupportahang mga hakbang na puwedeng gawin para magamit ang pasilidad ang:

- **Mga Traffic Cone:** Puwedeng gamitin ang mga traffic cone para lagyan ng tanda ang mga paradahan at mga lugar para sa pagsakay ng pasahero, para gamiting pansamantalang sign ng paradahan, at para itawag-pansin ang mga nakausling bagay.

- **Mga Karatulang Paradahan:** Puwedeng ilagay ang mga pansamantalang parking sign sa itinalagang napupuntahan ng van at accessible na paradahan.
- **Mga Karatulang Nagbibigay ng Direksyon:** Puwedeng gamitin ang mga karatulang nagtuturo ng direksyon para ipakita ang direksyon ng accessible na daanan, pasukan, lugar na pagbobotohan kapag hindi malinaw kung saan dadaan.
- **Mga nabibit-bit na rampa:** Puwedeng gamitin ang mga nabibit-bit na rampa na walang hawakan para madaanan ang kurba at para mailagay sa mga may butas at siwang sa madadaan. Puwedeng gamitin ang mga rampang may hawakan para madaanan ang hagdan na may malalaking baytang.
- **Mga Pangkalang:** Magagamit ang mga pangkalang para makagawa ng bahagyang pagbabago sa lebel ng dadaanan.
- **Mga Pamigil ng Pintuan:** Puwedeng gamitin ang mga pamigil ng mga pintuan para panatilihin nakabukas ang pintuan kung hindi sapat ang lapad ng pinto para madaanan sa 90 degree na buka.
- **Madaling Tanggaling mga Hamba ng Pinto:** Puwedeng tanggalin ang hamba ng pinto para makapagbigay ng minimum na lapad para makapasok ang wheelchair o iba pang device na panghakot.



Figure 10. Examples of ADA Accessibility Mitigation Measures



Source: <https://www.ada.gov/votingchecklist.pdf>

Mga Sagabal sa Pakikibahagi

Nakapagbigay ng kaunawaan ang mga pasilidad na ginamit na para sa lugar ng botohan para sa mga eleksyon na may kasaysayan ng kahirapang isagawa at nakapagbigay ng ideya ng mga inaasahang kahirapan na maaaring bumango dahil sa bagong modelo ng pagboto. Sa ilang kaso, ang mga kahirapang ito ay nagsilbing hadlang sa pakikibahagi. Kabilang sa mga inireport na hadlang ang:

- **Mga Hadlang sa Programming:** Ang angkop na mga silid sa loob ng mga pasilidad ay kadalasang okupado ng kasalukuyang programming na alinman sa nagbibigay ng kita o nagbibigay ng serbisyo sa komunidad. Kung isususpende o kakanselahin ang mga gantiong programa para gawing botohan, maghahatid ito

ng sagabal sa mga miyembro ng pasilidad at komunidad na umaasa sa gayong mga serbisyo.

- **Mga Oras ng Operasyon:** Hindi makapagbigay ang mga pasilidad ng kailangang tauhan at tataas ang gastos sa mga pasilidad kapag lumpas sa regular na oras ng operasyon.
- **ADA Accessibility:** Mahirap para sa mga may kapansanang botante na may makapasok at magamit ang mga pasilidad na walang sapat na ADA accessibility.
- **Hindi Maayos na Karatula:** Kapag walang nakikitang permanenteng karatula, mahihirapan ang mga botante na hanapin ang mga nakatalagang silid sa loob ng pasilidad. Mahihirapan din ang mga botante na mahanap ang pasilidad pati na ang paradahan at mga nakatalagang pasukan na hindi gaanong kita ang karatula.

Mga Tinanggap na Pasilidad

Para lubos na tanggapin ang pagiging naiaangkop na inilalaan sa modelo ng vote center, sinikap ng PlaceWorks na tukuyin ang hanay ng mga uri ng pasilidad na makapagbibigay ng sapat na pagkakaiba-iba para matugunan ang sari-saring mga kagustuhan ng mga botante ng Los Angeles.


Ang pinakakaraniwang uri ng pasilidad na tinanggap bilang mga potensyal na vote center ay mga pampublikong paaralan, mga lugar ng pagsamba, at mga pampublikong pasilidad tulad ng mga library at mga community recreation center. Katulad ito ng mga resulta mula sa nakapokus na grupo at mga community survey, na ipanakita sa mga botante na karaniwang gustong bomoto sa pamilyar na mga lugar tulad ng mga library, paaralan, komunidad o mga recreation center, at mga city hall. Ang ganitong tinanggap na mga pasilidad ay itataas sa Vote Center Suitability Tool para matiyak ang pinakaangkop na 1,000 vote center para sa pinal na rekomendasyon.

2.3 SITE SUITABILITY TOOL NG VOTE CENTER

Para suportahan ang mga tagubilin ng VCA at iba pang pang-operation na mga kinakailangan habang dini-develop ang rekomendasyon ng pinal na vote center, binuo ang Site Suitability Tool ng Vote center. Dahil sa tool na ito nagagawa ng mga mananaliksik na higit pang masuri ang 2,300 tinanggap na mga pasilidad at matiyak ang pinakaangkop na 1,000 pasilidad na gagamitin sa 2020 Presidential Primary Election at sa mga susunod pang eleksyon. Ang tunguhin ay tanggapin ang mas maraming pasilidad kaysa sa dating kinakailangan sa panahon ng pagsusuri ng pasilidad para magamit ang mga demand layer at iba pang batayan para i-rank at ipuntos ang mga tinanggap na pasilidad na ito. Nagagamit ng mga mananaliksik ang Site Suitability Tool ng Vote Center para saliksikin ang iba't ibang senaryo na nagdidiin sa iba't ibang demand layer.

May apat na pangunahing kategorya ang mga senaryong ito—mga socioeconomics, tirahan/trabaho, botante, at transportasyon, at ang bawat pangunahing kategorya ay mayroong mga subcategory. Tingnan ang Section 2.2.2 para sa higit pang detalyadong paglalarawan ng bawat demand layer.

Figure 11. VSAP Tool



2.3.1 Proseso sa Paggawa ng Tool

Ang Site Suitability Tool ng Vote Center ay ginawa gamit ang madaling gamiting web application para maibahagi at matalakay sa paraang naiaangkop ang mga pamamaraan sa lahat ng miyembro ng VSAP Technical Advisory Committee, Advisory Committee, Executive Steering Committee, and RR/CC staff.

Ang Site Suitability Tool ang Vote Center ay may apat na pangunahing bahagi:

- **Mga Instruksyon.** Nagbigay sa mga user ng pangkalahatang instruksyon kung paano gagamitin ang tool at inilarawan ang mga simbolo na ginamit sa mapa ng pinal na output.
- **Mapa.** Ipinakita ng mga resulta ng suitability model scenarios at pinal na output ng tool sa pagpili ng site. Ipinakita ng mga output ang piniling lokasyon base sa piniling mas matimbang at nilagyan ng simbolo ang mga pasilidad ayon sa sukat ng silid.
- **Suitability Modeler.** Tool na nakatulong sa mga user na makapagdisenyo ng kanilang napiling suitability model sa pamamagitan ng pagpili at pagpapabigat ng iba't ibang socio-economic at mga demographic demand layer ayon sa porsyento at pagpapatakbo sa analysis para makalikha ng heat map output na nagpapakita ng saklaw ng pagiging angkop ng vote center sa buong County. Halimbawa, para matiyak kung alin ang pinakaangkop na mga vote center na malapit sa mga hintuan ng transit, pinaunlad ng mga gumagamit ang modelo at binigyan ng mataas na percentage sa layer na "Transportation-Transit Access" kumpara sa iba. Nagamit din ng mga mananaliksik ang tool para i-run ang iba't ibang senaryo para makita kung paanong ang pagpapabigat ay makakaapekto sa pantay na distribusyon ng mga vote center.
- **Site Selection Tool.** Inilapat ang mga tukoy na senaryo ng suitability modeler sa mga available na pasilidad para matiyak kung paano pantay na maipapakalat sa buong County ang pagpili ng mga angkop na site. Dahil sa paggamit ng tool na ito, nailalarawan ng mga mananaliksik kung paano nakakaapekto



ang pagpapabigat ng mga layer sa pantay na distribusyon ng mga pasilidad sa buong County.

Halimbawa, kapag maraming gusali na accessible ng ADA sa isang partikular na rehiyon, at gagagamitin ng mga mananaliksik ang isang senaryo na uuna sa pagpapabigat ng ADA accessibility, puwedeng mauwi sa grupo-grupo ang mga vote center sa partikular na rehiyong iyon, na posibleng magresulata ng isang senaryo na ipagwawalang-bahala ang populasyon at iba pang mga kailangan ng socioeconomic.

- **Batayan sa Pag-puntos ng Pasilidad/Silid.** Ibinibigay ang mga puntos sa bawat vote center batay sa sukat, kalidad ng paradahan, uri ng pasilidad, at ADA accessibility. Makikita ang mga detalye ng batayan ng pag-puntos sa Table 6. Nagawang ipasadya ng mga mananaliksik at mga grupong nagpapayo ang pagpili ng modelo ng site para makapagbigay ng puntos para sa pagiging angkop.
- **1320 Rule (1/4-milyang tuntunin).** Para matiyak ang pagkakapantay ng mga oportunidad na makaboto sa mga vote center sa buong county, magagawa ng mga gumagamit na makapili ng opsyon na titiyak na ang mga vote center ay hindi bababa sa ¼ milya ang layo sa isa't isa. Kapag may nakitang problema sa distansya, pipili ng may pinakamataas na puntos.

Ang proseso ng pag-develop ng Site Suitability Tool ay inugitan at sinuri ng VSAP Project Team at ng Advisory Committees. Nagharap ng mga modelo ng senaryo ang mga Technical consultant sa VSAP Project Team, sa Advisory Committee, at sa Technical Advisory Committee, at nagkaroon sila ng pagkakataon na makaalam ng mga detalye ng metodolohiya at makapagbigay ng opinyon tungkot sa pagpapabigat.

Ang konsultasyong ito ay umakay sa isang sinang-ayunang pagharap sa pagpapabigat ng mga senaryo, kabilang na ang mga model inputs at parameter, na magagamit sa paglalabas ng pinal na 1,000 nirekumandang vote center.

Table 6. Batayan sa Pagpuntos sa Silid at Pasilidad

Indicator ng Pasilidad	Puntos	Klasipikasyon ng Pagpuntos
Puntos sa Sukat ng Silid		
	0	maliit, <1,999 sq./ft
	2	hindi alam
Sukat	3	maliit/katamtaman, 2,000 - 2,449 sq./ft
	7	katamtaman, 2,450 - 3,849 sq./ft
	9	malaki, > 3,850 sq./ft
Pinagsama-samang Puntos sa Sukat ng Silid	0-9	Tulad ng Nakalista sa Itaas
Puntos ng Pasilidad		
Kalidad ng Paradahan	0-9	Kabuuan ng 2 kategorya: paradahan ng ADA; hindi paradahan ng ADA
	2	Pribado
	5	Pampublikong paaralan K-12
Uri ng Pasilidad	6	Sentro ng sining at kultura, mga shopping center
	7	Pampublikong kolehiyo /unibersidad iba pang pampublikong pasilidad
	9	Sentrong pangkomunidad, aklatan, parke at pasilidad panlibangan, atbp.
ADA Accessibility	0-9	Kabuuan ng 4 kategorya: mga rampa;

Indicator ng Pasilidad	Puntos	Klasipikasyon ng Pagpuntos
Iba pa	0-9	CR; lapad ng dadaanan; iba pang salik Kabuuang ng 3 kategorya: inirekumenda ng publiko; may naikakadadong pinto ang pasilidad para mai-secure BMD's; iba pang salik
Kabuuang Puntos ng Pasilidad	0-9	Average ng 4 na kategorya



3.0 SERBISYO SA PUBLIKO AT MGA PAKIKIPAGPARTNER

Isinangkot ng LA County RR/CC ang publiko sa buong panahon ng proseso ng paglalagay ng vote center at patuloy na makikipagtulungan habang ipinakikilala ang bagong modelo ng pagboboto sa darating na mga taon. Makikipagtulungan ang RR/CC sa PlaceWorks para padaliin ang outreach sa malawak na iba't-ibang stakeholder sa isang hanay ng pamamaraan. Tumulong ang mga stakeholder na mapunan ang patlang sa data at nagbibigay ng mahahalagang pananaw mula sa unang karanasan sa mga pasilidad.

3.1 MGA KOMITE SA PAGPAPAYO NG VSAP

Makikipagtulungan ang PlaceWorks sa mga kasalukuyang komite na aktibong nagpapayo at sumusuporta sa mga proyekto ng VSAP. Ang layunin ng VSAP Advisory Committee at Technical Advisory Committee ay para tiyakin na pinaprioridad ng proseso para sa pagbuo ng bagong sistema ng pagboboto ang pangangailangan ng mga botante habang ginagamit ang mahusay na data para sa pagdedesisyon. Para sa Vote Advisory Placement Project (VCP) na bahagi ng VSAP Project, inilipat ng komite ang kanilang fokus mula sa pagsasaalang-alang sa teknolohiya at pagiging madaling puntahan tungo sa spatial na elemento na may matinding impluwensya sa pagiging posible ng isang maasahang vote center.

Para makakuha ng feedback mula sa mga eksperto sa teknikal sa larangan ng paggawi ng mga botante at consumer, demand sa pagbibiyahang at paglalakbay, spatial analysis at data science, magtatrabaho ang PlaceWorks kasama ng Project Team ng VSAP para isama ang malawak na saklaw ng kadalubhasaan ng bawat komite. Pitong eksperto sa teknikal mula sa mga unibersidad ng Estado at mga opisina ng data sa County ang inimitahan para sumali sa VSAP Technical Advisory Committee. Anim na City Clerk ang inimitahan para sumali sa VSAP Advisory Committee. Ang mga imbitasyon ay nilayon

para mapanatili ang pantay-pantay na representasyon ng mga rehiyon sa heograpiya at magkakaibang populasyon.

Makikipagkita ang mga technical consultant sa mga komite na ito nang siyam na beses sa loob ng 13 buwan. Karagdagan pa sa nakatatag nang tunguhin ng mga komite, umaasa ang PlaceWorks sa mga miyembro na:

Komite ng tagapayo ng VSAP

- Magbahagi ng kaalaman at gabay para sa pagtatatag ng mga lokasyon ng vote center.
- Tukuyin ang mga heograpiko at demograpikong hadlang sa pagboto sa mga lokasyon o ng sensitibong populasyon.

Komite ng Teknikal na Tagapayam ng VSAP

- Repasuhin at ilaan ang mga pinagmumulan ng data.
- Repasuhin ang pamamaraan sa spatial analysis.
- Maglaan ng input at gabay sa proseso ng demand analysis.
- Maglaan ng pangkalahatang gabay kaugnay ng pamantayan ng sentro ng vote center at proseso ng assessment.

Tingnan ang Appendix C para sa mga detalye ng VSAP Advisory and Technical Advisory Committee.

3.1.1 Webinar para sa Site Suitability Tool

Magho-host ang PlaceWorks at RR/CC ng isang webinar kung saan imbitado ang dalawang komite na ito para magrepasso at magkomento sa pamamaraan ng pagbuo ng Site Suitability Tool. Ihaharap din sa mga miyembro ng komite ang mga set ng senaryo na nagpapakita kung paanong ang pagpapabigat sa tool ay magbibigay ng iba't-ibang resulta sa paglalagyan ng vote center sa buong County. Maghaharap ang mga consultant ng sumusunod na mga senaryo at hihiling ng feedback sa napiling modelo.

- **Kasalukuyang Takbo ng Kaisipan.** Ipinagpapalagay na boboto ang mga botante malapit sa kanilang tirahan at mas matimbang ang populasyon kaysa sa iba pang demand.
- **Kaalwanan.** Ipinagpapalagay na boboto ang mga botante sa kumbinyenteng lokasyon na karaniwan nilang dinadaan papunta o pauwi mula sa trabaho o iba pang destinasyon.
- **Pokus sa Lipunan at Ekonomiya.** Binibigyang prioridad ang mga pasilidad sa mga lugar na may di-kilalang populasyon sa kasaysayan.

Mga Resulta

Iminungkahi ng pinakalitaw na rekomendasyon mula sa webinar na ang pagpapabigat ay dapat na baguhin para babaan ang porsiyento para sa “Residensyal na Lokasyon ng mga Botante” at dagdagan ang “Mababang Pagboto sa Pamamagitan ng Liham”. Ang pagbabagong ito ay higit na magpopokus sa paglalagay ng vote center sa mga lugar kung saan nagpakita ang mga botante ng interes sa pagboto nang personal sa halip na sa mga lugar ng residensyal na populasyon. Ginamit ang rekomendasyong ito, na nagresulta ng pinal na listahan ng nirekomendang mga lokasyon para sa vote center.

3.2 MGA VALID NA SURVEY AYON ISTATISTIKA AT MGA NAKAPOKUS NA GRUPO

Ang VSAP project team ay nakipagpartner sa opinyon ng mga research and strategy consultant, Fairbank, Maslin, Maullin, Matz & Associates (FM3), para magsagawa ng pag-aaral sa opinyon ng publiko na tutulong para maipakita kung paano pantay-pantay na maikakalat ang mga vote center habang tinutugunan ang iba’t-ibang lawak ng kagustuhan ng mga botante. Ang yugtong ito ng pakikibahagi ay binubuo ng serye ng focus group, isang survey sa mga rehistradong botante sa County ng LA, at ikalawang survey sa mga hindi rehistradong residente na kwalipikadong bumoto.

Sisiyasatin ng pag-aaral ang mga lokasyon kung saan mas gustong bumoto ng mga tao; ang mga katangian ng vote center na itinuturing na mas mahalaga; ang araw ng sanlinggo at oras ng araw kung kailan mas

gusto ng mga tao na bumoto; at ang kalakaran sa permanenteng mga botante sa pamamagitan ng koreo.

3.2.1 Mga Nakapokus na Grupo

Ang mga nakapokus na grupo ay isinasagawa sa maraming lugar sa buong County para makuha ang sari-saring opinyon ng iba’t-ibang komunidad at demograpikong grupo. Hinanap ang iba’t-ibang stakeholder para magbigay ng input tungkol sa kanilang mga karanasan at kagustuhan sa pagboto.

Walang nakapokus na grupo ang isinagawa sa pagitan ng Mayo hanggang Hunyo 2018. Dalawang grupo ang isinagawa sa mga botanteng mahilig bumoto; isa sa mga botanteng hindi mahilig bumoto; isang grupo sa mga botanteng edad 60-74; isang grupo sa mga botanteng edad 18 hanggang 30; isang grupo sa mga botanteng nagsasalita ng Espanyol; isang grupo sa mga nagsasalita ng Mandarin; at isang grupo sa mga residenteng kwalipikadong bumoto, pero hindi kasalukuyang rehistrado sa County ng Los Angeles.

3.2.2 Mga Survey

Isinagawa ang survey sa botante noong Hulyo sa pamamagitan ng random na sample ng 2,414 na rehistradong botante sa Los Angeles County. Isinagawa ang survey online at sa telepono (cellular at landline) at available sa Ingles, Espanyol, Chinese at Korean. Ang margin ng error para sa survey na ito ay ± 2.6 na porsiyento sa 95 porsiyento ng pagiging maaasahan.

Ang survey sa hindi rehistradong populasyon ay isinagawa sa pagitan ng Agosto at Setyembre 2018 sa pamamagitan ng sample ng 501 na residente ng County sa Los Angeles na kwalipikadong bumoto pero hindi kasalukuyang rehistrado para gawin ito.

Isinagawa ang survey online at sa telepono (cellular at landline) at available sa Ingles, Espanyol, Chinese at Korean




3.2.3 Mga Resulta

Saan boboto

Isiniwalat ng mga focus group at survey na mas gusto ng mga botante na bumoto sa mga lokasyon malapit sa kanilang tirahan, pero marami ang hindi tutol sa pagboto sa mga lokasyon malapit sa mga lugar kung saan sila madalas naroroon. Sa buong County, 77 porsyento ng lahat ng botante ay mas gustong bumoto o ihulog ang kanilang mga balota sa isang lokasyon malapit sa kanilang tirahan (tingnan ang Figure 12). Sa 42 porsyento ng mga nagsabi na ikokonsidera nilang bumoto malapit sa kanilang trabaho, karamihan (25 porsyento ng lahat ng sinurbey) ay nagsabi na ito ang kanilang pangalawang pinili. Gayundin, 37 porsyento ang nagsabi na boboto sila sa mga lugar na malapit kung saan sila bumibili o nagaasikaso ng mga gawain, pero karamihan ng pumili ay nagsabi na ito ang kanilang pangalawang pinili. Iilan lang ang pumili sa mga lugar malapit sa paaralan nila o ng anak nila o malapit sa pasyalan o entertainment.

Figure 12. Mga Gustong Lokasyon para Bumoto o Paghuhulugan ng Balota ng Vote-By-Mail (Inuri ayon sa Una at Ikalawang Pinili)



Karaniwang sinasabi ng mga botante ang kagustuhan na ituloy ang pagboto sa mga lugar na dati nang ginagamit na botohan noong mga nakaraan, tulad ng mga pampublikong library, paaralan, mga community o recreation center at mga city hall (tingnan ang Table 7). Gayunman,

hindi naman lubusang tumututol ang mga botante sa makabagong lugar para sa pagboto tulad ng pampublikong parke, mobile vote center bus o truck, o kung saan sila namimili. Ang ibang bahagi ng populasyon ay mas tanggap ang pagboto sa gayong mga lokasyon kaysa sa iba. Halimbawa, mas tanggap ng mga edad 18 hanggang 49 kesa sa mga edad 50 pataas ang pagboto sa hindi tradisyunal na lugar, tulad ng mobile vote center.

Table 7. Mga Mas Gustong Uri ng Pasilidad para sa Pagboto


Lokasyon	Kagustuhang Bumoto Dito
Pampublikong Aklatan	91%
Lokal elementarya, gitna, o mataas na paaralan	88%
Sentrong pangkomunidad o recreation center	80%
Kolehiyong pangkomunidad o universidad	76%
Lokal na Gusaling Pampamahalaan ng Lungsod	73%
Pampublikong parke	71%
Pampublikong plaza o square	70%
Mobile vote center na bus o trak	70%
Shopping center o mall	69%
Supermarket	69%

Ang pagpayag na bumoto sa mga lokasyong ito ay hindi laging kaugnay sa kung gaano kadalas pumunta roon ang mga botante kapag hindi eleksyon. Halimbawa, ang lokal na mga city hall ay popular na mga lokasyon kung saan gustong bumoto ng mga botante, pero ipinapakita ng survey at participant ng focus group na hindi ito lugar na madalas puntahan ng mga botante. Ang mga dahilan kung bakit mas pinipili nila ang unang 10 lugar ay maiuugnay sa personal na kaligtasan, privacy, pagkakaroon ng parking, at access para sa mga may kapansanan.

Kailan Boboto

Magkakaiba rin ang gusto ng mga botante kung kailan sila boboto o ihuhulog ang balota na Vote by Mail. Bagaman 37 porsyento ang mas gustong bumoto o maghulog ng kanilang balota sa araw ng eleksyon, 63 porsyento ang mas gustong bumoto bago ang araw ng eleksyon. Payag din ang ilang botante na bumoto sa di-karaniwang oras, gaya ng sa gabi sa pagitan ng 8 at 10 ng gabi (tingnan ang Figure 13).

Figure 13. Mas Gustong mga Araw at Oras sa Pagboto



Mas Gustong Oras*

Oras	% Malamang
5 AM–7 AM	29%
7 AM–8 PM	89%
8 PM–10 PM	54%
10 PM–12 AM	22%
12 AM–5 AM	11%

*Maraming Tugon ang Tinanggap

Kalakarang Demograpiko

Natuklasan din sa pag-aaral na mayroong maliit na pagkakaiba sa mga kagustuhan sa lokasyon, oras, at feature ng botohan sa pagitan ng kasalukuyang rehistradong mga botante at sa mga indibidwal na kwalipikadong bumoto pero hindi kasalukuyang rehistrado. Parehong pinili ng mga di-rehistradong participant at rehistradong botante ang 10 lokasyon kung saan nila mas gustong bumoto. Ang pangunahing kaibahan ng dalawang populasyon ay na ang pagkakasunod-sunod ng lokasyon, oras at kahalagahan ng mga feature ay hindi gaanong mahalaga sa mga di-rehistradong participant kaysa sa mga rehistradong botante.

Gayunman, kapansin-pansin na ipinahiwatig ng mga di-rehistradong botante na mas malamang na bumoto sila kung alam nila na mag-aalok ang mga vote center ng mabilis na on-site na pagpaparehistro, at na magiging mas flexible sa kung saan at kung kailan sila puwedeng bumoto, kaysa kung magpaparehistro pa sila bago nito at may isang araw lang para bumoto.

3.2.4 Mga Pahiwatig

Ang mga resulta ng pagboto ng komunidad ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapasya sa bigat ng iba't-ibang demand para malaman ang pantay-pantay na distribusyon ng mga vote center sa buong Los Angeles County. Ang feedback na nagpapahiwatig na mas gustong bumoto malapit sa tirahan at sa pamilyar na mga lugar ay ikinapit para timbangin ang Site Suitability Tool at isinaalang-alang kapag bumubuo ng ilang modelo ng mga senaryo para iharap sa VSAP Advisory and Technical Advisory Committees. Tingnan ang Appendix D para sa detalye ng mga natuklasan mula sa mga focus group at survey.



3.3 MGA PAGPUPULONG NG KOMUNIDAD NA PAMBUONG COUNTY

Sa pakikipagtulungan sa mga community engagement consultant at 40 community partner, ang project team ng VSAP ay nag-host ng dalawang round ng outreach na nagresulta ng halos 70 meeting sa buong County. Ang mga meeting na ito ay nilayon para ipaliwanag sa publiko sa pangkalahatan ang VCA, ang modelo ng vote center at ang bagong sistema ng County. Tinuruan nila ang kasalukuyang mga botante at ----- tungkol sa mga pagbabago sa pagboto at nangolekta ng makabuluhang input para ipaalam ang proseso ng technical analysis.

3.3.1 Mga Kapartner na Organisasyon

Ang pagsasangkot sa publiko para sa anumang malakihang outreach ay nangangailangan ng malawak at iba-ibang pamamaraan, kasama na ang makabuluhang koneksyon sa mga lider ng komunidad at organizer na may matatag na reputasyon at kaalaman sa kultura ng lokal na mga kalagayan at ikinababahala. Nag-imbita ang RR/CC para sa lokal na mga partner sa komunidad na may malalim na koneksyon sa komunidad at interesadong matuto tungkol sa VCA, at sa Proyekto ng Paglalagay ng Vote center. Available ang mga online na aplikasyon sa web page ng VSAP nang 60 araw. Sa panahong ito, nagsumite ang maraming Community Based Organization (CBO) ng mga aplikasyon na naglalarawan ng kanilang mga katangian na angkop para sila makibahagi. Nirepaso ng RR/CC ang halos 80 aplikasyon para sa dalawang found ng outreach. Hinilingan ang mga aplikante na ilarawan—sa pamamagitan ng sulat at kasunod na interbyu sa telepono—ang:

- Mga serbisyo, karanasan at kakayahan ng kanilang organisasyon.
- Kaugnayan nila sa mga lugar ng heograpikong serbisyo
- Mga pamamaraang ng pagsebisyo and pag-abot sa komunidad
- Misyon at mga stakeholder ng kanilang organisasyon.
- Kasalukuyang kaugnayan sa mga kapartner na komunidad (kasama na ang RR/CC)

Ang proseso ng aplikasyon at interbyu ay umakay sa pagtutulungan ng 40 CBO na may iba't-ibang laki—maliliit na grupo sa komunidad hanggang sa malalaking national advocacy groups—at iba't-ibang misyon, kasama na ang karapatan ng mga botante at katarungan sa kapaligiran. Tingnan ang mga Appendix E at F para sa Questionnaire at Sulat ng Imbitasyon para sa Partner.

Balikatang nagtulungan ang mga partner na organisasyon kasama ng VSAP Project Team at PlaceWorks para tumanggap ng pagsasanay at patnubay na maghahanda sa kanila na mag-communicate ng komplikadong data at mga proseso ng assessment sa publiko. Inatasan ang piniling mga partner na gawin ang sumusunod:

- Magsagawa ng serbisyo sa publiko na nakatutok sa nakaatas na (mga) Lugar na Pinag-aaralan.
- Pakilusin ang mga kapartner na komunidad na makibaghagi sa mga pagsisikap na outreach.
- Pumili ng mga venue at asikasuhin ang lahat ng meeting logistics, kasama na ang set-up at breakdown.
- Dumalo sa isang pagsasanay sa grupo tungkol sa overview ng proyekto, content ng presentasyon at mga kagamitan sa outreach.
- Asikasuhin ang mga pagpupulong sa komunidad.
- Ireport ang mga kinalabasan ng pagpupulong.

Tumanggap ang mga partner na organisasyon ng \$2,000 na sweldo bawat miting para sa mga gastusin tulad ng pagtatrabaho ng tauhan, gastos sa print, miryenda, at mga papremyo at ipinamumudmod. Para mabawasan ang gastos ng organisasyon, nagbigay ang VSAP Project Team at PlaceWorks ng mga nakaimprentang materyal, mga waiver para sa bayad sa pasilidad, teknolohiya at suporta ng tauhan kapag hiniling. Ikinonekta din ng VSAP Project Team ang mga partner na organisasyon sa mga City Clerk para magbigay ng karagdagang suporta sa outreach at sa staff.

3.3.2 Magagamit na Wika

Para matiyak na pantay ang proseso ng pagsasangkot ng komunidad, nagsagawa ang VSAP Project Team ng pagsusuri sa magagamit na wika at mga serbisyo sa magkapanabay na interpretasyon. Nagsagawa ang PlaceWorks ng demograpikong pagsusuri gamit ang data ng Census para matukoy ang nakabukod na komunidad dahil sa wika. Dahil sa pagsusuring ito, nalaman ng PlaceWorks na ang malaking populasyon ng mga nagsasalita ng Espanyol sa County ay may malaking pangangailangan sa pagsasalin sa wika sa buong rehiyon, kasunod ang Chinese at Korean.

Ang unang round ng mga miting sa komunidad ay ibinigay nang may kasabay na interpretasyon sa Espanyol sa 12 rehiyon, Chinese sa 2 rehiyon at Korean sa 1 rehiyon. Ang mga suporta sa ibang wika ay ibinigay ng mga CBO o staff ng County, na tumitiyak na mayroong kahit isang facilitator ng miting ang matatas sa pakikipag-usap sa wikang tinukoy sa pag-aaral.

Para sa ikalawang round ng mga miting, ini-adjust ang paraan sa pag-aaral para ibagay sa feedback mula sa mga miyembro ng komunidad, mga partner na organisasyon at staff ng County na may karanasan sa isinagawang outreach sa buong bansa. Ang feedback ay humiling ng magkapanabay na interpretasyon sa karagdagang mga wika para maabot ang maliliit na grupo na may ibang wika na hindi naabot sa unang round ng miting. Sa ikalawang round ng outreach, ang magkapanabay na interpretasyon ay ibinigay sa 20 wika na ipinakikita sa Table 8. Tingnan ang Appendix G para sa Pamamaraan sa Magagamit na Wika.





Table 8. Listahan ng mga Isinagawang Pagpupulong

HOST ORGANISASYON	LOKASYONG NG PAGPUPULONG	SABAY-SABAY NA INTERPRETASYON
Round 1 na Pagpupulong (Nob 16, 2018 - Ene 19, 2019)		
SBCC Thrive	Compton	Spanish
Neighborhood Empower LA/CA Common Cause	Granada Hills	N/A
Pacoima Beautiful	Pacoima	Spanish
CAUSE	Walnut	N/A
Neighborhood Empower LA/CA Common Cause	North Hollywood	Spanish
Neighborhood Empower LA/CA Common Cause	Los Angeles	N/A
California Common Cause	Sherman Oaks	Spanish
CAUSE	Artesia	Spanish
SBCC Thrive	Long Beach	N/A
California Common Cause	Redondo Beach	N/A
NALEO	Los Angeles	Spanish
Korean American Coalition	Los Angeles	Korean
California Common Cause	Inglewood	N/A
Coalition for Humane Immigrant Rights	Lancaster	N/A
Armenian National Committee-Pasadena Chapter	Pasadena	N/A
Armenian National Committee-Western	Glendale	N/A
Black Women for Wellness	Palmdale	Spanish
SBCC Thrive	Wilmington	N/A
Black Women for Wellness	Newhall	N/A
League of Women Voters-Los Angeles	Malibu	N/A
League of Women Voters-Los Angeles	Canoga Park	N/A

HOST ORGANISASYON	LOKASYONG NG PAGPUPULONG	SABAY-SABAY NA INTERPRETASYON
NALEO	Claremont	N/A
Black Women for Wellness	Los Angeles	Spanish
Armenian National Committee-Crescenta Valley	La Crescenta	N/A
California Common Cause	Pasadena	N/A
CAUSE	Arcadia	Spanish, Chinese
United Cerebral Palsy of Los Angeles, Ventura and Santa Barbara Counties	Culver City	N/A
Arts for LA	Los Angeles	Spanish
NALEO	Montebello	Spanish, Chinese
National Iranian American Council	Beverly Hills	N/A
League of Women Voters--Whittier	Whittier	N/A
Coalition for Humane Immigrant Rights	Huntington Park	Spanish
National Iranian American Council	Reseda	N/A
Round 2 na mga Pagpupulong (Mayo 2, 2019 - Ene 29, 2019)		
League of Women Voters, Los Angeles	Porter Ranch	N/A
Disabled Resource Center	Long Beach	American Sign Language
Long Beach Gray Panthers	Long Beach	Khmer
League of Women Voters, Los Angeles	Santa Monica	N/A
Glassell Park Improvement Association	Los Angeles	Armenian
Black Women for Wellness	CA 90037	N/A
Black Women for Wellness	Carson	Spanish
League of Women Voters, Torrance Area	Torrance	Japanese
United Cerebral Palsy of Los Angeles and Disability Rights	Culver City	American Sign Language

HOST ORGANISASYON	LOKASYONG NG PAGPUPULONG	SABAY-SABAY NA INTERPRETASYON
California		
Armenian National Committee of America, Crescenta Valley Chapter	Studio City	Thai
Southern California Resource Services for Independent Living	Hawaiian Gardens	Hindi
Pat Brown Institute for Public Affairs at Cal State LA	Downtown Los Angeles	Tagalog
NALEO Educational Fund	La Verne	N/A
Asian Americans Advancing Justice (AAAJ) & RR/CC	Covina	N/A
Southern California Resource Services for Independent Living	Norwalk	N/A
Armenian National Committee of America, Western Chapter	Burbank	N/A
California Common Cause	San Gabriel	N/A
Armenian National Committee of America, Pasadena Chapter	Pasadena	Chinese Spanish
California Common Cause	West Hollywood	Russian
NALEO Educational Fund	Los Angeles	Chinese Vietnamese Spanish
Monrovia Area Partnership (MAP) Program	Los Angeles	N/A
Black Women for Wellness	Palmdale	Spanish
First African Methodist Episcopal Church (FAME) and Alpha Kappa Alpha (AKA)	Los Angeles	Korean
League of Women Voters, Los Angeles	Calabasas	N/A
South Bay Counseling Center (SBCC) Thrive LA	Harbor City	N/A
Southeast Los Angeles (SELA) Collaborative	South Gate	Spanish
Black Women for Wellness	Santa Clarita	N/A

HOST ORGANISASYON	LOKASYONG NG PAGPUPULONG	SABAY-SABAY NA INTERPRETASYON
South Bay Counseling Center (SBCC) Thrive LA	Hawthorne	Spanish
FarsiVoter	Encino	Farsi
South Bay Counseling Center (SBCC) Thrive LA	North Hills	N/A
Lake Los Angeles Park Association	Littlerock	American Sign Language, Spanish
Black Women for Wellness	Northridge	N/A
Pacoima Beautiful	Pacoima	Spanish
InnerCity Struggle	Los Angeles	Spanish

3.3.3 Unang Round ng Pagsasangkot sa Komunidad

Ang unang round ng mga pagpupulong sa komunidad ay nilayon para ipaliwanag ang VCA at ang bagong modelo ng vote center gayundin para makaipon ng mga feedback sa potensyal na mga pasilidad para sa vote center. Iniharap ang mga datos gamit ang madaling maintindihan na mga talahanayan at mapa. Ang mga facilitator ng pagpupulong ay nagbigay ng tutorial na instruksyon para sa paggamit ng online Portal at one-on-one na pakikipag-usap para sagutin ang anumang hindi pa nasagot na tanong. Puwedeng magkomento at magmungkahi ang mga participant sa pamamagitan ng online Portal o gamit ang card na pwedeng sulatan ng komento. Hinilingan din ang mga participant na kumpletuhin ang survey na pangunahin nang nakatuon sa kung saan mas gusto ng mga botante na bumoto at kung paano nila naiisip na puntahan ang napili nilang botohan. Tingnan ang Appendix H para sa mga detalye sa Kinalabasan ng Unang Round ng Pagsasangkot sa komunidad



Mga Resulta ng Survey

Karamihan sa mga participant sa mga pagpupulong na ito (71 porsyento) ay nag-ulat na mas gusto nilang bumoto malapit sa kanilang tirahan, 7 porsyento ang gustong bumoto malapit sa kanilang pinagtatrabahuhan, 18 porsyento ang payag sa ideyang bumoto sa iba't-ibang lokasyon, at 4 na porsyento ang mas gustong bumoto sa pamamagitan ng koreo. Sa kung paano maa-access ang mga lokasyon ng botohan, 65 porsyento na kotse ang gusto nilang gamiting transportasyon; 22 porsyento ang gustong magbisikleta, sumakay sa tren, bus, kotse at maglakad; at 5 porsyento ang mas gustong magbisikleta, sumakay sa tren o bus.

Figure 14. Mas Gustong Lokasyon sa Pagboto





Figure 15. Mas Gustong Paraan ng Transportasyon





Mga Katangian ng Komunidad

Inimbitahan ang mga participant na sumalisa isang aktibidad na kumukuha ang feedback tungkol sa mga kalagayan ng komunidad sa pangkalahatan at kung paano nakaaapekto ang mga kalagayang ito sa kung saan gustong bumoto ng mga tao. Hinilingan ang mga participant na isaalang-alang ang mga katangian tulad ng liwanag, kalsadang madaling daanan, lokasyon ng mga lugar ng popular na pagtitipon, mga kondisyon ng parking, at marami pa. Naglagay sila ng berde at pulang sticker sa mga lokasyon depende kung kumportable sila o hindi na bumoto roon base sa mga katangiang iyon.

Karamihan ng sticker ay berde at kadalasang sinusuportahan ng espisipikong pasilidad o uri ng pasilidad. Karamihan ng nilagyan ng berdeng sticker ang gusali ng pamahalaan, parke at pasilidad ng paglilibang at mga simbahan. Sa karamihan ng pagpupulong, kapansin-pansin na inilagay ng mga participant ang pulang sticker malapit sa paaralan. Sinuportahan ang mga sticker na ito ng mga komento na hindi sila pabor na loksyon ng botohan ang paaralan dahil sa masyadong matao at mapanganib sa kaligtasan. Inilagay din ang mga pulang sticker sa mga lugar na kilala sa pagsisikip ng trapiko at limitadong parking, na kaayon sa mga komento tungkol sa pag-iwas sa gayong mga interseksyon at malalaking kalsada. Panghuli, inilagay ang mga pulang sticker malapit sa/sa mismong mga pasilidad na pribadong pag-aari gaya ng mga golf course, kaayon ng mga komento na ikinababahala ang sobrang dami ng tao sa ganitong mga uri ng pasilidad.

Mga Komento ng Publiko

Karagdagan sa survey sa komunidad, maraming iba't-ibang komento at mungkahi ang natanggap para sa mga site mula sa mga komunidad a sinumaryo ayon sa tema sa Table 9 at sa kasunod na seksyon. Sa mga kaso kung san may kasamang mga mungkahi ang mga komento, binilang ang mga komento nang bukod sa mungkahi.



Table 9. Buod ng Komento ng Publiko

Tema ng Komento	Bilang ng Komento
Kabuuang Komento	597
<i>Access</i>	327
<i>Paradahan</i>	101
<i>Programming/Mga Operasyon</i>	17
<i>Pangkaligtasan</i>	8
<i>Laki</i>	43
<i>May Kaugnayan sa Pagboto</i>	33
<i>Uri ng Pasilidad</i>	68
Mga Iminungkahing Pasilidad sa mga Pagpupulong	265
Mga Iminungkahing Pasilidad na Ginawa sa Portal	41

Access

Ang mga komentong ito ay may kaugnayan sa lokasyon ng pasilidad at ang pagiging madaling hanapin at pumunta sa lokasyong iyon. Ang pagiging kombinyente ay may kaugnayan sa personal na pananaw sa lugar, kalagayan ng trapiko o iba pang kilalang issue sa access. Ang mga komentong nakuha sa temang ito ay tumutugon sa pagkakaroon ng pampublikong transportasyon, bisikleta, at pedestrian gayundin ang pagiging nababagay sa ADA.

Paradahan

Ang mga komento may kaugnayan sa parking ay nagbigay ng feedback tungkol sa mga kondisyon at pagiging available ng mga parking lot, pagpark sa kalsada at parking na nababagay sa ADA.

Programming/Mga Operasyon

Ang mga komento may kaugnayan sa pagiging available ng site base sa kasalukuyang programming at operasyon ay nagpapahayag ng pagkabahala tungkol sa paggamit ng mga pasilidad bilang vote center sa paraang hindi makakagambala sa mga programa ng paglilibang, klase, at regular na operasyon ng negosyo.

Pangkaligtasan

Ang mga komento may kaugnayan sa kaligtasan ay tumutugon sa mga ikinababahala sa pagkadama ng kaligtasa sa isang lokasyon. Kasama sa ikinababahala ang panganib sa pedestrian/trapiko, krimen sa komunidad o laganap na diskriminasyon.

Sukat

Ang mga komento may kaugnayan sa sukat ng lugar ay nagbigay ng kaalaman tungkol sa panloob na kondisyon ng pasilidad, kasama na ang sukat ng silid, layout at pagiging madaling pumasok at lumabas.

Pagboto

Ang mga komento may kaugnayan sa pagboto ay tumutukoy sa pagpaparehistro ng mga botante, operasyon ng eleksyon at seguridad ng eleksyon. Hindi nakatuon ang mga komentong ito sa mga lokasyon ng vote center at nirepaso ng staff ng County para isama kung saan naaangkop.

Uri ng Pasilidad

Maraming komento ang bumanggit sa mga pasilidad at kung ano ang nararamdaman ng mga botante tungkol sa pagboto roon. May ilang komento na tumukoy sa espisipikong mga pasilidad, ang iba ay nakapokus sa uri ng pasilidad sa pangkalahatan. Halimbawa, maraming komento ang nagpahayag ng pag-aalala tungkol sa pagboto sa mga paaralan, at ang iba ay nagpahayag ng pananabik tungkol sa pagboto sa mga retail center. Ang ibang komento ay basya nagpahayag ng suporta o kawalan ng suporta sa isang pasilidad.

Mga Iminungkahing Site

May kabuuang 306 na pasilidad na inirekomenda sa mga pagpupulong na ito ng komunidad; kung saan 171 ang hindi pa narerepaso ng PlaceWorks. Tumanggap ang mga pasilidad na ito ng desktop na pagrepaso at alinman sa inayawan o tinanggap para sa pagbisita sa site. Ang mga mungkahi sa pasilidad na nasa ilalim na ng konsiderasyon ay gagamitin para suportahan ang desktop na pagrepaso at, sa maraming kaso, nagbigay ng kaalaman na tutulong para isulong ang isang pasilidad sa susunod na hakbang ng pagsusuri.

3.3.4 Ikalawang Round ng Pagsasangkot sa Komunidad

Ang ikalawang round ng mga pagpupulong ng pagsasangkot ay pangunahin nang nagsilbi para ipaalam sa publiko ang 2,000 nirekomendang potensyal na pasilidad para sa vote center. Ang round na ito ng pagsasangkot ay hindi gaanong interactive at mas nakapokus sa pagtiyak na naiintindihan ng mga participant ang lahat ng pagbabagong kasama ng bagong modelo ng pagboboto at para ireport kung paano isinaalang-alang at ginamit ang mga feedback sa pagpili ng potensyal na pasilidad. Bagaman walang pormal na aktibidad ang isinagawa, may pagkakataon pa rin ang mga participant na magbigay ng mga komento at mungkahi para sa potensyal na pasilidad. Kakaunting komento ang natanggap sa panahon ng ikalawang round at ang mga isinumite, ay may kaugnayan sa pagpaparehistro ng botante, operasyon ng eleksyon at seguridad. Kaya walang pagsusuri sa isinumiteng komento ang kinailangan para ipaalam ang pinal na pagpili sa mga lokasyon ng vote center.

3.3.5 Mga Kinalabasan

Puspasang nakipagtulungan ang mga community partner para isangkot ang iba't-ibang nakikibahagi sa iba't-ibang sektor ng populasyon at nakapag-ipon ng mga nakikibahagi para dumalo sa mga pagpupulong sa buong County. Nasaklawan ng mga pagpupulong ang 30 heograpikong lokasyon, at karagdagang pagpupulong ang idinaos para maabot ang mga taong may kapansanan at bilang tugon sa kinakailangan para sa mga grupo sa komunidad na interesadong matuto tungkol sa modelo ng vote center. Ang matatag na pagsisikap na ito ay umakay sa makabuluhang input ng komunidad at nagsilbi bilang pangunahing impluwensya sa pagbuo ng mahalagang cross-sector na pagtutulongan.

4.0 MGA REKOMENDASYON SA VOTE CENTER PARA SA LOS ANGELES COUNTY

Matapos magsagawa ng malawakang pagsusuri sa data at larangan at sa serbisyo sa publiko, nakabuo ang mga tagapayong teknikal ng pinal na set ng rekomendasyon para sa 2,000 potensyal na vote center na kinabibilangan ng 1,000 pinakaangkop na vote center at karagdagang 1,000 nangungunang potensyal na vote center na gagamiting sakaling hindi magamit ang alinman sa 1,000 na pinakaangkop sa 2020 Pangunahing Eleksyon sa Pagkapangulo. Ang mga pasilidad na ito ay higit pag susuriin ng staff ng eleksyon ng Los Angeles County para tiyakin ang lubusang pagsunod sa VCA, mga operasyonal na kinakailangan at kondisyon ng pasilidad.

4.1 INIREKOMENDANG MODELO: TIRAHAN/TRABAHO

Ang mga inirekomendang modelo na ginamit ng mga mananaliksik para malaman ang pinal sa mga rekomendasyon sa vote center ay binuo nang may suporta mula sa VSAP Advisory Committee at humiling na magbigay ng balanseng paraan para matugunan ang mga operasyonal na kinakailangan habang inaabot ang mga pangangailangan ng lahat ng botante sa Los Angeles County.

Ang modelong Tirahan/Trabaho ay sumusuporta sa feedback na mas kumportable ang mga botante na bumoto malapit sa kanilang tirahan o trabaho at sa pamilyar na mga pasilidad tulad ng mga pampublikong gusali at paaralan. Para makabuo ng modelo na talagang makakatukoy sa pinakaangkop na vote center, bawat puntos ng silid ng pasilidad, puntos ng pasilidad at puntos ng pagiging angkop ay kukwentahin at gagawa ng pinal na katumbas na modelo at inihanay ang pagkakasunod-sunod. Tiniyak ng equation na ito na ang pisikal na mga katangian ng pinal na modelo ay pinabigat ayon sa socio-economic at demograpikong salik na tinukoy sa puntos ng pagiging angkop. Ang tuntunin 1320 na ipinaliwanag sa Seksyon 2.3 ay ginamit para tiyakin na ang bawat vote center ay may layong sangkapat na milya ang sa isa't-isa. Ipinakikita ng



Table 10 ang layer ng data at kaugnay na pagbibigay ng bigat na ginamit sa pagpili ng pinal na rekomendasyon para sa vote center.

Ang Tirahan/Trabaho na modelo ay ginamit para tukuyin ang 2,000 na rekomendasyon para sa potensyal na vote center—na nilagyan ng kategoryang 1,000 Pinakaangkop at Nangungunang 1,000 na mga pasilidad. Kung alinman sa 1,000 Pinakaangkop ang hindi magagamit sa eleksyon, ang mga potensyal na vote center sa Nangungunang 1,000 ang ibibigay ng ibang opsyon para sa angkop na mga site.


Table 10. Distribusyon ng Pagpapabigat sa Pangangailangan

Layer ng Pangangailangan	Porsyento ng Pagpapabigat
A. Tirahan/Trabaho – Residensyal na Lokasyon ng mga Botante	24
B. Tirahan /Trabaho - Mga Lugar ng Hanapbuhay	15
C. Tirahan /Trabaho – Pantay ng Distribusyon	1
D. Socioeconomics – Mga Komunidad na may Mababang Kita	5
E. Socioeconomics – Kaunti ang Nagmamay-ari ng Sasakyan	5
F. Socioeconomics – Mga Nakabukod na Komunidad	5
G. Socioeconomics – Mga Minorya ang Wika	5
H. Mga Katangian sa Pagboto – Mga Hindi Rehistradong Botante na Puwede nang Bumoto	7
I. Mga Katangian sa Pagboto – Mga Rehistradong Botante na may Tendensiyang Bumuto	2
J. Mga Katangian sa Pagboto – Mga Papausbong na Botante	5
K. Mga Katangian sa Pagboto - Mababang Vote by Mail	10
L. Mga Katangian sa Pagboto – Mga May Kapansanan na Botante	4
M. Transportation – Magagamit na Transit	5
N. Transportation – Magagamit na Paradhan	2
O. Transportation – Pagsikip ng Trapiko	5
Percentage	100

4.2 MGA INIREKOMENDANG LOKASYON PARA SA PAGHUHULUGAN NG VOTE BY MAIL

Gumawa ng mga rekomendasyon para sa mga lokasyong paghuhulugan ng Vote by Mail sa mga rekord ng County ng kasalukuyang lokasyon ng Vote by Mail, at marami ang nanatili. Karagdagang mga lokasyon ang puwedeng kunin sa Nangungunang 1,000 na inirekomendang pasilidad para sa vote center. Ang mga pasilidad na walang sapat na sukat ng silid para sa isasagawang eleksyon pero may ibang magagandang katangian, ang maaaring angkop gawing Vote by Mail na mga lokasyon ay maaaring gawing lubos ang serbisyong mga vote center sa mga darating na eleksyon. Ang kumpletong listahan ng inirekomendang lokasyon para sa paghuhulugan ng vote by mail ay makikita sa Appendix I.

Figure 16. Mga Mga Lokasyong Paghuhulugan ng Vote by Mail





4.3 INIREKOMENDANG MGA PASILIDAD PARA SA VOTE CENTER

Ang kumpletong listahan ng 2,000 inirekomendang pasilidad para sa vote center ay makikita sa Appendix J. Rekomendasyon pa lang ang mga pasilidad na ito; hindi pa ito ginagarantiyahan na maging opisyal na vote center. Rerepasuhin ng tauhan ng eleksyon ng County ang bawat pasilidad para tiyakin na nakakaabot ito sa mga operasyonal na kilakailangan at VCA at pangungunahan ang pakikipag-ugnayan sa mga pasilidad para malaman ang kakayahan nitong mag-host ng eleksyon.

Nagbigay ang PlaceWorks sa RR/CC ng patnubay para sa pagmamantini ng database ng inirekomendang pasilidad sa paglipas ng panahon. Ang proactive na paraang ito ay tumitiyak na updated na data ang ginagamit para tukuyin ang heograpikong pangangailangan para sa mga vote center. Nagbigay din ng report ang PlaceWorks tungkol sa mga natutuhan sa buong pagsusuri para makapaghandang ang tauhan ng eleksyon ng County sa mga hadlang sa pagpili at pagsasali ng mga pasilidad.

Ipinakikita sa susunod na seksyon kung paano ikinalat sa buong County ang 1,000 Pinakaangkop na mga pasilidad para sa vote center. Makikita sa bawat mapa ang distribusyon ng mga Vote center na kaugnay sa mga kinakailangan ng VCA sa Seksyon 2.2.2 at muling ipinakita sa Table 11.

Table 11. Mga Kinakailangang Data Layer ng VCA

Minimum na Kinakailangang Vote Center at mga Pagsasaalang-alang ng Paglalagyan ng paghuhulugan ng Balota sa Ilalim ng VCA

- Malapit sa pampublikong transportasyon
- Distansya at panahon para marating ang VC/Ballot drop box sakay ng kotse/pampublikong transit
- Mga patern ng trapiko malapit sa VC at sa Ballot drop box
- Malapit sa mga sentro ng populasyon
- Malapit sa mga populasyon na nakabukod dahil sa heograpiya
- Malapit sa mga komunidad na may mababang kita
- Malapit sa mga botanteng may kapansanan
- Malapit sa mga komunidad na minorya ang wika
- Malapit sa mga komunidad na kaunti ang nagmamamay-ari ng sasakyan
- Malapit sa mga botanteng puwede nang bomoto na hindi rehistrado
- Malapit sa mga komunidad na history ng mababa ang paggamit ng vote by mail

Figure 17. Mapa ng Pinakamahusay na 1,000 Vote Center







Figure 18. Mapa ng Nangungunang 2,000 Vote Center



Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Sentro ng Populasyon

Ginamit ang modelong Tirahan/Trabaho para tukuyin ang pinakaangkop na mga pasilidad na nakatuon sa paglalagay ng mga vote center malapit sa mga tirahan at pinagtatrabahuhan ng mga botante. Makikita sa Figure 19 ang lokasyon ng mga inirekomendang vote center kaugnay ng mga sentro ng tirahan ng populasyon. Gaya ng ipinapakita sa legend ng mapa, isinasagisag ng mas matingkad na kulay ang mga lugar na mas malaki ang populasyon. Ang grupo ng mga itim na tuldok ay naglalarawan ng lokasyon ng potensyal na mga vote center kaugnay ng mga sentrong ito ng populasyon. Naiipon ang mga inirekomendang vote center sa mga lugar na mas malaki ang populasyon pero hindi naman napapabayaang ang mga hindi gaanong matao sa mga lugar sa County.


Gaya ng ipinapakita sa Table 12, 33.5 porsyento ng inirekomendang vote center ang nasa lugar na malaki o mas malalaki ang populasyon samantalang 39.1 porsyento ang nasa mga lugar na hindi gaanong matao.

Ang ipinakitang laki ng populasyon ay ayon sa dami ng tao sa lugar sa bawat block group at hindi isinama ang mga block group na mas kaunti sa 0.25 puwedeng bumoto sa bawat ektarya.

Table 12. Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Sentro ng Populasyon

KAPAL NG LAHAT PUWEDE NANG BUMOTO	KABUUNANG PORSYENTO NG MGA VOTE CENTER
Very Low (≤ 5)	13.8 %
Low (≤ 10)	25.3%
Moderate (≤ 15)	27.4%
High (≤ 20)	15.6%

Figure 19. Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Sentro ng Populasyon



Very High (≤ 368) 17.9%




Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Sentro ng Hanapbuhay

Kagaya ng Figure 19, Ginamit sa Figure 20 ang modelong Tirahan/Trabaho para ipakita ang lokasyon ng mga inirekomendang vote center may kaugnayan sa mga sentro ng hanapbuhay. Ang mga sentro ng hanapbuhay ay tumutukoy sa mga lugar kung saan malamang maipon ang mga lugar ng trabaho. Malamang maipon ang mga inirekomendang vote center malapit sa mga sentro ng hanapbuhay habang mayroong bilang (28%) ng mga pasilidad sa mga lugar na kaunti ang mga sentro ng hanapbuhay. Gaya ng ipinapakita sa Table 13, 41.1 porsyento ng mga inirekomendang vote center ay nasa mataas o mas mataas na kapal ng sentro ng hanapbuhay habang 31.7 porsyento ang nasa mas mababa o mababang densidad ng mga sentro ng hanapbuhay.

Table 13. Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa Sentro ng Hanapbuhay

KAPAL NG TRABAHO	KABUJANG PORSYENTO NG MGA VOTE CENTER
Very Low (≤ 2.6)	28.4%
Low (≤ 2.8)	3.3%
Moderate (≤ 5.4)	27.2%
High (≤ 38.9)	37.8%
Very High (≤ 474.2)	3.3%

Figure 20. Mga Inirekomendang Vote Center Malapit mga Setro ng Hanapbuhay



Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Komunidad na may Mababang Kita


Ang paglalagay ng mga vote center sa mga lugar na hindi gaanong kilala sa demokratikong proseso ay isa ring mahalagang salik sa bagong modelo ng vote center. Ipinapakita sa Figure 21 ang lokasyon ng mga komunidad na may mababang kita kaugnay ng mga inirekomendang vote center.

Ang mga pamilyang may mababang kita ay tinukoy ng Department of Housing and Urban Development (HUD), bilang mga pamilyang ang kita ay hindi lalampas sa 80 porsyento ng median family income, na \$64,300 para sa County ng Los Angeles. Gaya ng ipanakikita sa table 13, 36 prsyento ng mga inirekomendang vote center ang nasa mga lugar na may mataas o napakataas ng konsentrasyon ng mga komunidad na may mababang kita habang 41.8 porsyento ang nasa mga lugar na mababa o napakababang konsentrasyon ng mga komunidad na may mababang kita.

Table 14. Mga Inirekumedang Vote Center na Malapit sa mga Komunidad na may Mababang Kita

PORSYENTO NG MGA PAMILYANG MAY MABABANG KITA SA BAWAT BLOCK GROUP	KABUUNANG PORSYENTO NG MGA VOTE CENTER
Very Low (≤ 14)	20.9%
Low (≤ 23)	15.1%
Moderate (≤ 38)	22.1%
High (≤ 61)	27.8%
Very High (≤ 100)	14.0%

Figure 21. Mga Inirekumendang Vote Center na Malapit sa mga Komunidad na may Mababang Kita






Mga Inirecomendang Vote Center Malapit sa mga Komunidad na Kaunti ang Nagmamay-ari ng Sasakyan

Ang lapit ng mga vote center sa mga komunidad na kaunti ang nagmamay-ari ng sasakyan ay inanalisa para matukoy ang mga hadlang sa pagpunta sa mga pasilidad ng vote center nang walang personal na sasakyan. Ipinapakita sa mga inirekomentang vote center kaugnay ng mga inuukupahang yunit ng pabahay na walang magagamit na sasakyan, sa loob ng bawat bloke. Gaya ng ipinapakita sa Table 15, 36.2 porsyento ng mga inirekomendang vote center ay malapit sa mga lugar na laganap ang mga botanteng mababa ang walang personal na sasakyan.

Figure 19. Mga Inirekomendang Vote Center na Malapit sa mga Komunidad na Kaunti ang Nagmamay-ari ng Sasakyan

DAMI NG OKUPADONG YUNIT NG PABAHAY NA MGA WALANG SASAKYAN	KABUUANG DAMI NG MGA VOTE CENTERS
Very Low (≤ 2)	15.1%
Low (≤ 4)	21.1%
Moderate (≤ 13)	33.1%
High (≤ 35)	4.3%
Very High (≤ 95)	30.7%

Figure 22. Mga Inirekomendang Vote Center na Malapit sa mga Komunidad na Kaunti ang Nagmamay-ari ng Sasakyan




Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Nakabukod na Populasyon Dahil sa Heograpiya

Para matiyak na ang lahat ng botante ay may pantay-pantay na pagkakataon para bumoto, maingat na isinaalang-alang ang lapit ng mga vote center sa mga nakabukod na populasyon dahil sa heograpiya. Inilarawan ng Figure 23 ang mga inirekomendang vote center kaugnay ng mga botante sa mga nakabukod na komunidad dahil sa heograpiya, kasama na ang mga botanteng hindi pa nakarehistro pero puwede nang bumoto.

Ipinakikita din nito ang mga lunsod sa LA County at ang distansya mula sa mga nakabukod na komunidad hanggang sa mas mataong bahagi ng County. Bilang resulta, tinatayang 48 porsyento ng nakabukod na populasyon dahil sa heograpiya ang nasa 5 milya mula sa isang vote center.

Ang Lunsod ng Avalon na nasa Isla ng Catalina ay pantanging nakabukod mula sa mainland ng Los Angeles County. Para i-accommodate ang mga botante sa rehiyong ito, patiunang tinukoy ng RR/CC na maglalagay ng vote center sa City Hall ng Avalon at hindi isinagawa ang pagsusuri sa rehiyong ito.

Figure 23. Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Nakabukod na Populasyon Dahil sa Heograpiya






Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Komunidad na Minorya ang Ginagamit na Wika

Sa ilalim ng modelo ng vote center, patuloy na mabibigay ang RR/CC ng suporta sa wika sa 12 wika bilang karagdagan sa ingles. Ang klasipikasyon ng US Census na ginamit sa pagsusuring ito ay tumutukoy sa maliliit na komunidad na may ibang wika bilang isang grupo ng mga indibidwal na "matatas" sa pagsasalita sa ibang wika bukod sa Ingles, at "hindi gaanong matatas" sa wikang Ingles.

Ipinapakita ng Figure 24 ang lokasyon ng mga inirekomendang vote center kaugnay ng mga komunidad na minorya ang ginagamit na wika. Tinatayang 63 porsyento ng tinatayang 63 porsyento ng kabuuang populasyon na minorya ang wika ay nasa kalahating milya mula sa isang inirekomendang vote center

Figure 24. Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Komunidad na Minorya ang Ginagamit na Wika




Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Puwede nang Bumoto Pero Hindi Nakarehistro

Kinikilala ng RR/CC ang kahalagahan ng pagsasangkot sa mga puwede nang bumoto pero hindi pa kasalukuyang nakarehistro. Para mahikayat ang partisipasyon ng mahalagang mga stakeholder na ito, dapat madaling puntahan at madaling magamit ang mga pasilidad ng vote center.

Ipinapakita ng Figure 25 ang lokasyon ng mga pasilidad na inirekomendang vote center kaugnay sa hindi rehistradong botante na puwede nang bumoto. Tinatayang 60 porsyento ng kabuuang bilang ng hindi rehistradong botante na puwede nang bumoto ang nasa kalahating milya mula sa isang inirekomendang vote center.

Figure 25. Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Puwede nang Bumoto Pero Hindi Nakarehistro






Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Lugar na Mataas ang Bilang ng Botante

Para suportahan ang pangangailangan ng mga botante na mataas ang tendensiyang makibahagi sa eleksyon, dapat ilagay ang mga vote center malapit sa mga lugar kung saan marami ang nagpaparehistrong botante. Ipinapakita ng Figure 26 ang mga inirekomendang vote center kaugnay ng kapal ng mga may tendensiyang bumoto (aktibong botante) kada block group, na nagpapakita lamang ng mga block group na may isa o higit pang may tendensiyang bumoto. Tinatayang 60 porsyento ng kabuuang rehistrado at puwede nang bumoto ay nasa kalahating milya ng inirekomendang vote center.

Figure 26. Mga Inirekomendang Vote Center na Malapit sa mga Lugar na Mataas ang Bilang ng Botante



Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Komunidad na Mababa ang Paggamit ng Vote by Mail


Ang paglalagay ng mga vote center malapit sa mga populasyong mas gumagamit ng vote by mail ay nagpapalawak sa mga opsyon sa pagboto. Dapat humanap ang RR/CC ng maingat na pagtitimbang kapag pumipili ng mga opisyal na vote center para sa mga populasyong gumagamit ng vote by mail. Ang pagiging timbang na ito ay dapat magbigay ng mga pasilidad na may sapat at kumpletong serbisyo habang nagbibigay din ng maraming de-kalidad na mga lugar ng pinaghuhulugan ng Vote by Mail.

Ipinapakita ng Figure 27 ang tinatayang paggamit ng Vote by Mail para sa 2020 eleksyon sa lunsod (tinantya ng RR/CC). Gaya ng ipinapakita sa Table 16, 22.6 porsyento ng mga inirekomendang vote center ay nasa mga komunidad kung saan mahigit 55 porsyento ng mga botante ang gumagamit ng opsyon na Vote by Mail habang 15.1 porsyento ang nasa ma komunidad kung saan wala pang 35 porsyento ang gumagamit ng Vote by Mail.

Table 15. Mga Inirekomendang Vote Center na Malapit sa mga Komunidad na may History ng Mababang Paggamit ng Vote by Mail

TINATAYANG DAMI NG GUMAGAMIT NG VOTE BY MAIL	KABUUNANG DAMI NG VOTE CENTER
55.1% and Above	13.0%
45.1%-55%	9.6%
35.1%-45%	62.3%
25.1%-35%	14.8%
25% or Less	0.3%

Figure 27. Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Komunidad na Mababa ang Paggamit ng Vote by Mail






Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa mga Botanteng may Kapansanan

Ang bagong modelo ng vote center ay dinisenyo para madaling puntahan ng lahat ng botante sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga vote center na mapupuntahan ng ADA ay nasa lugar na malapit sa mga botanteng may kapansanan. Ipinapakita ng Figure 28 ang karamihan ng mga botanteng may kapansanan sa loob ng bawat lugar na sinusubayan ng census kaugnay mga inirekomendang vote center. Tinatayang 78 porsyento ng mga botante na may kapansanan ay pasok sa loob ng kalahating milya ng inirekomendang vote center.

Figure 28. Mga Inirekomendang Vote center Malapit sa mga Botanteng may Kapansanan



Mga Inirekomendang Vote Center Malapit sa Pampublikong Transportasyon

Karaniwang umaasa ang mga komunidad na may mababang kita sa paggamit ng transit, at nagpapakitang mas gustong gamitin ng dumaraming botante ang transit dahil praktikal kesa kailangan. Ipinapakita sa Figure 29 ang transit acces na hinati-hati sa sumusunod na kategorya.


- **Wala** – Mga lugar na lampas 0.5 milya mula sa alinmang hintuan ng transit
- **Hindi Mabuti** – Mga lugar na pasok sa 0.5 milya mula sa hintuan ng transit na mababa ang kalidad
- **Mabuti** – Mga lugar na pasok sa 0.5 milya mula sa dekalidad na hintuan ng transit
- **Katamtaman** – Mga lugar na pasok sa 0.25 milya mula sa hintuan ng transit na mababa ang kalidad
- **Mahusay** – Mga lugar na pasok sa 0.25 milya mula sa dekalidad na ng hintuan transit

Ang mga kahulugan ng mataas at mababang kalidad ng hintuan ng transit ay nasa Seksyon 2.2.2. Gaya ng ipinapakita sa Table 17, 48.2 porsyento ng mga inirekomendang vote center ay pasok sa sangkapat na milya ng hintuan ng transit at wala pang dalawang porsyento ang nasa labas ng kalahating milyang hintuan ng transit.

Table 16. Mga Inerekumendang Vote Center na Malapit sa Pampublikong Transportasyon

MGA LUGAR NA HINTUAN NG TRANSIT	KABUANG PORSYENTO NG VOTE CENTER
None	1.7%
Poor	7.9%
Fair	42.2%
Good	24.9%
Excellent	23.3%

Figure 29. Maa Inirekomendana Vote center Malapit sa Pampublikona





Pagsisikip ng Trapiko Malapit sa mga Inirekomendang Vote Center


Ang mga inirekomendang vote center ay isinaalang-alang nang husto bago pinili kung gaano kadalang mapupuntahan ang mga ito at ang iba't-ibang uri ng hadlang para makapunta rito.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa dami ng sasakyan kasa milya sa kalsada sa bawat Transportation Analysis Zone (TAZ), aalamin ng mga mananaliksik ang kapansin-pansing pagsisikip sa trapiko at susubukang iwasan ang paglalagay ng mga vote center sa mga lugar na masikip ang trapiko. Dahil sa dami ng sasakyan at sobrang pagsisikip ng mga kalsada sa Los Angeles County, hindi laging maiiwasan ang masisikip na lugar na ito habang kasabay nito ay sinusubukan na ilagay ang mga pasilidad malapit sa malaking populasyon at mga sentro ng hanapbuhay. Gaya ng ipinapakita sa Table 18, halos 40 porsyento ng inirekomendang vote center ay nasa mga lugar na sobra ang pagsisikip ng trapiko at 35.1 porsyento ang nasa mga lugar na hindi gaano o walang pagsisikip ng trapiko.

Table 17. Pagsisikip ng Trapiko Malapit sa mga Inirekomendang Vote Center

BILANG NG TRAFFIC COUNTS KADA ISANG MILYA NG KALSADA	KABUUNANG DAMI NG VOTE CENTER
Very Low (≤ 6,959)	23.3%
Low (≤ 8,934)	11.8%
Moderate (≤ 15,892)	25.9%
High (≤ 40,401)	33.6%
Very High (≤ 12,672)	5.3%

Figure 30. Paqsikip ng Trapiko Malapit sa mga Inirekomendang Vote Center



4.4 MGA HAKBANG SA HINAHARAP PARA SA PAGPILI NG VOTE CENTER

Habang ipinapatupad ang bagong modelo ng pagboto sa buong Estado, aalamin ang pinakamahuhusay na gawain na tutulong sa mga county nalinangin ang proseso sa pagpili at operasyon ng accessible at mahusay na mga vote center. Nagbigay ang PlaceWorks sa RR/CC ng mga rekomendasyon para sa mga proseso at pangangalaga sa hinaharap.

Gagabay ang mga rekomendasyong ito sa RR/CC sa takbo ng proseso kung kailan at paano mag-update ng mga data layer na ginagamit para tukuyin ang densidad ng populasyon, sentro ng hanapbuhay, mga katangiang panlipunan at ekonomiya, at iba pang salik na gagamitin para malaman ang pagiging angkop ng potensyal na site. Inirekomenda din ng PlaceWorks na isali ang mga Election Worker na magreport sa mga pasilidad pagkatapos ng eleksyon para dagdagan ang on-site na pagsusuri ng RR/CC.